


Ang Kasaysayan Ng Buhay Ko

 Iyuko natin ang ating mga ulo sa ilang sandali para sa panalangin.

Mapagmahal naming Amang Nasa Langit, tunay ngang may mga pribilehiyo kami sa paglapit sa Iyo, aming Diyos at Tagapagligtas. Sa pakikinig nitong kahanga-hangang awit, *Kay Dakila Mo*, nakapagpapakilig ito sa amin dahil iya'y alam namin na Ikaw ay dakila. At idinadalangin namin na ang kadakilaan Mo ay mapapatunayan sa amin mag-muli, ngayong hapon, habang kami'y nangungusap. At nahulog sa aking kapalaran, sa unang pagkakataon sa loob ng maraming taon, ang tangkaing gunitain ang buhay na nakaraan, at ako'y nananalangin na bibigyan Mo ako ng kalakasan at—at ng kung ano ang pangangailangan ko, Panginoon, na maging sa oras na ito. At nawa lahat ng mga pagkakamali ko sa buhay ay maging batong-tuntungan lamang sa iba, na makapagpapalapit pa sa kanila sa Iyo. Ipahintulot Mo ito, Panginoon. Makita nawa ng mga makasalanan ang mga bakas ng paa sa buhanginan ng panahon, at sila nawa'y maakay sa Iyo. Ang mga bagay na ito'y hingaling namin sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Amen. (Maaari na kayong umupo.)

[Si Kapatid na Glover ay nagsabi, “Maaari ka bang manalangin sa mga panyong ito bago ka magsimula?”—Ed.] Ako'y magagalak. [“May mga *ganoon* at mga *ganito* para ipanalangin.”] O sige, ginoo, salamat. Tulad nitong pinabanal na lalaki, si Kapatid na Glover, na kilala ko na ngayon sa loob ng ilang taon, nagkaroon ng pribilehiyong makasama siya sandali noong nakaraang gabi. At sinabi niya sa akin ang tungkol sa . . . siya'y naratay nang ilang sandali, nagpapahinga. At ngayon, sa gulang na pitumpu't lima, ay bumalik muli sa paglilingkod sa Panginoon. Hindi ako kasing pagod na katulad noong una bago ko pa marinig 'yan. Akala ko'y pagod ako, pero ako—ako ay di naniniwalang ako nga. Inilagay niya lang dito sa akin ang ilang mga panyo, na nasa—sa uri ng mga sobre, at iba pa, kung saan ang mga ito'y nasa loob at naisauli na.

Ngayon, kahit sino sa inyong mga nakikinig sa radyo, o naririto, na nagnanais ng isa sa mga panyong ito, at ibig ninyong. . . Ang Templo ng Angelus ay nagpapadala ng mga ito sa tuwina, sa lahat ng oras. Maaari kayong sumulat mismo rito sa Templo ng Angelus at pananalanginan nila ito, dahil titiyakin ko sa inyo na ito'y ang Kasulatan. Ito'y isang pangako ng Diyos.

At kung mangyayari na gusto n'yong ipanalangin ko ang isa para sa inyo, aba, magagalak akong gawin 'yan. Susulatan

n'yo lang ako sa post office box 3-2-5, 325, Jeffersonville, binaybay nang J-e-f-f-e-r-s-o-n-v-i, dalawang l, e. Jeffersonville, Indiana. O kung hindi ninyo maisip ang post office box, isulat na lang "Jeffersonville." Ito'y isang maliit na lungsod, ang populasyon ay mga tatlumpu't limang libo. Kilala ako ng kahit sino roon. At kaya kami ay magagalak na manalangin sa isang panyo at ipadala sa inyo.

At ngayon, nagkaroon tayo ng malaking tagumpay sa pagsasagawa nito, dahil. . . Magkakaroon kayo ng maikling uri ng sulat kasama no'n, na mga tao sa buong mundo ay mananalangin tuwing alas-nuwebe ng umaga, at tuwing alas-dose, at tuwing alas-tres. At mailalarawan ninyo, sa palibot sunod sa mundo, kung anong oras sa gabi na kailangan nilang bumangon para isagawa ang panalanging ito. Kaya kung ang lahat ng mga sinampung libong ito, at multiplikahin pa nang libu-libo, ay nagpapadala ng mga panalangin sa Diyos sa mismong gayong oras para sa paglilingkod na ito, sa iyong karamdaman, sadyang di maipagtatabuyan ng Diyos 'yan. At kaya ngayon tayo, gaya ng sinasabi ko, wala tayong maski anong programa, hindi tayo nagnanais ni isang sentimo ng salapi. Tayo lamang ay. . . Kung matutulungan namin kayo, 'yan ang dahilan kung bakit kami naririto. At hayaan nating. . .

May nagdadala ng isa pang tangkas ng mga panyo.

Ngayon, kung wala kayong panyo na gusto ninyong ipadala, bueno, kung gayo'y sumulat na lang kayo, kahit papaano. Kung hindi ninyo kailangan iyon ngayon mismo, itago 'yon sa Aklat ng Mga Gawa, sa Biblia, sa ika-19 na kabanata. At iyon ay magiging sa isang porma ng isang maliit na puting laso na ipapadala sa inyo, at ang mga tagubilin kung paano muna ninyo ikukumpisal ang inyong mga kasalanan. At (salamat) kung paano ninyo ikukumpisal ang inyong mga kasalanan. Hindi kayo kailanman nararapat na magsikap na makakuha ng kahit ano mula sa Diyos nang hindi muna nagiging tuwid sa Diyos. Kita n'yo? At pagkatapos kayo'y inaatasan sa ganito na papuntahin ang inyong mga kapitbahay, at inyong pastor. Kung kayo ay may kahit ano na nasa puso n'yo laban sa kahit sinuman, humayo't itama muna iyon, at bumalik. At pagkatapos ay manalangin, magkaroon ng isang pagtitipong panalangin sa inyong tahanan, at iperdible itong panyo sa inyong panloob na kasuotan, saka manalig sa Diyos. At sa mismong tatlong oras na iyan, bawat araw, magkakaroon ng mga tao sa palibot ng mundo na nangagsisipanalangin, isang tanikala sa palibot ng mundo.

At ngayon sa inyo na 'yon, libreng lubos, magpadala lamang. At—at, ngayon, kami ay hindi susulat pabalik sa inyo para singilin kayo o para sabihin sa inyo ang ilang programa na mayroon kami. Nais naming sumuporta kayo ng programa, ngunit kami ay walang—walang kahit anong gayon upang

suportahan ninyo. Kita n'yo? Kaya kayo. . . Iyo'y hindi upang kunin ang tirahan n'yo, iyo'y sadya lamang na tulong at ministryo ng Panginoon na siyang aming pinagsisikapang gawin.

Ngayon iyukod natin ang ating mga ulo. At kung kayo'y mga nakikinig sa radyo, ilapag ang inyong panyo ryan, ipatong lamang ang inyong sariling kamay sa ibabaw nito habang tayo'y nananalangin.

Mapagmahal na Panginoon, dinadala namin sa Iyo ang mga maliliit na parselang ito, marahil ang ilan sa mga ito ay mukha sigurong mga maliliit na tsaleko para sa isang sanggol, o—o ilang maliliit na kamiseta, o marahil isang maliit na pares ng ginantsilyong medyas ng sanggol, o—o para bagang, isang panyo, na mapupunta sa mga maysakit at mga may karamdaman. Panginoon, ito ay ayon sa Iyong Salita kaya ginagawa namin ito. Sapagkat nababasa namin, sa Aklat ng Mga Gawa, na kinuha nila mula sa katawan ng Iyong lingkod, na si Pablo, ang mga panyo at mga tapi, dahil sila'y naniniwala na ang Iyong Espiritu ay naroon sa tao. At ang mga masasamang espiritu ay lumabas mula sa mga tao, at iniwan sila ng mga karamdaman at sakit, dahil sumampalataya sila. At ngayon nalalaman namin, Panginoon, na kami'y hindi si San Pablo, ngunit alam namin na Ikaw pa ri'y nananatiling si Jesus. At sumasamo kami na kikilalanin Mo ang pananampalataya ng mga taong ito.

At nasabing minsan na nang ang Israel (na nagsusumikap na sumunod sa Diyos) ay mahuli sa isang bitag, ang dagat sa harapan nila, ang mga kabundukan sa magkabilang gilid, at ang hukbo ni Faraon ay papalapit na. At ang isa'y nagsabi, na “Ang Diyos ay tuminging pababa sa pamamagitan ng Haliging Apoy na iyon, sa mga matang galit, at ang dagat ay natakot at ibinalumbong pabalik ang kanyang sarili, at gumawa ng daan upang makatawid ang Israel sa ipinangakong lupain.”

O Panginoon, tumanaw Ka muli pababa, kapag ang mga parselang ito ay nakapatong na sa mga may sakit na katawan sa pagsasaalaala sa Iyong buhay na Salita. At nawa ang sakit ay matakot, tumingin sa Dugo ng Iyong Anak, na si Jesus, Na namatay para sa pagtatakip-salang ito. At matakot nawa ang kaaway at umalis, nang sa gayon ang mga ito ay maaring makapasok sa pangako, na “Higit sa lahat,” na Iyong nais “na kami ay umunlad sa kalusugan.” Ipagkaloob Mo iyon, Ama, pagkat ipinapadala namin ito kasama iyang—kasama iyang saloobin sa aming puso. At iyan ang aming layunin. Ipinapadala namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Salamat, Kapatid na Glover. Salamat, ginoo.

Ngayon, mamayang gabi sa pagtatapos ng bahaging ito ng rebaybal, hindi ko alam kung ito ba'y maisasahimpapawid o

hindi, ngunit gusto kong sabihin (kung hindi) sa mga tagapakinig sa radyo, na ito ang naging isa sa pinakamainam na mga pagtitipong nagkaroon ako sa loob ng maraming, maraming taon. Ito'y naging matapat, matatag, pinakamapagmahal, at matulunging pagtitipon na nadaluhan ko sa loob ng mahabang panahon.

[Isang kapatid na lalaki ang nagsabi, “Naka sahippapawid tayo hanggang sa alas-kuwatro kinse, kapatid. At nakikinig sila sa iyo, sa kabuuan ng katimugang California, papalabas sa mga isla, at sa mga barko. Nakakatanggap kami ng mga mensahe mula sa kanila. At kaya marami kang mga tagapakinig, libu-libo at laksa-laksa.”—Ed.] Salamat, ginoo. Lubhang kalugud-lugod 'yan. Nagagalak akong marinig 'yan. Pagpalain kayong lahat ng Diyos.

At ako'y tiyak na mayroon laging isang mainit na dako sa aking puso para sa Templo ng Angelus, sa paninindigan nito para sa buong Ebanghelyo ni Jesus Cristo. At, ngayon, iyon—iyon ay tila pa mas personal na sa akin ngayon. Iyon ay para bang tulad ng, pagkatapos na makilala ang bawat isa at makita ang kanilang mabubuting kalooban, ako'y para bang mas tulad ko lang ang isa sa inyo kaysa sa noong dating ako. Pagpalain kayo ng Diyos, ang aking panalangin. At... [Ang mga tagapakinig ay pumalakpak—Ed.] Salamat, magiliw.

Ngayon, naipagbigay-alam na sa ngayon ay tipong magsasalita ako sa inyo sa isang sandali tungkol sa: *Ang Kasaysayan ng Buhay Ko*. Iya'y isang—isang mahirap na bagay para sa akin. Ito ang magiging unang pagkakataon na pinagsumikapang kong lapitan ito sa loob ng maraming taon. At hindi ako magkakaroon ng oras upang magsalaysay nang detalye, kundi bahagi lang nito. At, dito, nakagawa ako ng maraming kamalian, na nakagawa ng maraming mga bagay na hindi tama. At ako'y nagnanais, na kayong mga nakikinig sa radyo at kayo na mga naririto, na hindi n'yo gagamitin ang mga pagkakamali ko bilang batong-katitisan, kundi mga batong-tuntingan upang dalhin kayo nang mas malapit sa Panginoong Jesus.

Pagkatapos, mamayang gabi, ang mga prayer card ay ipapamahagi para sa gawaing pagpapagaling mamayang gabi. Ngayon, kapag sinabi nating *gawaing pagpapagaling*, hindi nangangahulugang tayo'y magpapagaling ng isang tao, tayo'y “mananalangin para sa isang tao.” Ang Diyos ang gumagawa ng pagpapagaling. Siya lamang ay naging lubos na mapagbiyaya sa akin, para tugunin ang panalangin.

At nakikipag-usap ako sa tagapangasiwa tungkol sa isang tanyag na ebanghelistang, rito kamakailan lang, at—at naitanong kung bakit ang ebanghelistang ito ay hindi nanalangin para sa

mga maysakit. At ang ebanghelista ay sumagot sa—sa tagapangasiwa ng aking mga miting, sabi, “Kung...Ang ebanghelistang ito ay naniniwala sa pagpapagaling. Ngunit kung siya’y magsisimulang manalangin para sa mga maysakit, magagambala niyon ang kanyang gawain dahil siya’y pinapangalagaan ng mga simbahan. Maraming mga simbahan, at marami sa kanila, ang hindi naniniwala sa Banal na pagpapagaling.”

Ako naman ay may paggalang at pamimitagan sa ebanghelista dahil nananatili siya sa kanyang puwesto, sa kanyang nakatalagang tungkulin. Magagawa niya marahil... di ko kailanman magagawang humalili sa kanyang puwesto, at nag-aalinlangan ako kung magagawa niyang humalili sa aking puwesto. Tayong lahat ay may lugar sa Kaharian ng Diyos. Tayong lahat ay sama-samang pinagdugtong-dugtong. Magkakaibang mga kaloob, ngunit gayon pa ring Espiritu. Magkakaibang manipestasyon, ibig kong sabihin, ngunit gayon pa ring Espiritu.

At, ngayon, mamayang gabi ang mga gawain ay magsisimula...sa palagay ko’y sinabi nilang magsisimula ang konsiyerto nang alas-seis-y-medya. At, ngayon, kung kayo’y nasa labas sa lugar ng radyo, pumasok kayo upang makapakinig sa ganito. Iyo’y...Iyo’y magiging maganda, palaging gayon.

At pagkatapos nais kong sabihin na ang prayer card ay ipapamahagi agad pagkatapos ng gawaing ito, sa sandali lamang na ang gawaing ito ay matapos kung kayo’y naririto pa at nagnanais ng prayer card. Ako’y tinagubilinan sa ganoon kani-kanina lamang, ang anak kong lalaki o si Ginoong Mercier o si Ginoong Goad, mamamahagi sila ng prayer cards. Manatili lamang sa upuan ninyo. Sa sandaling matapos ang gawain, manatili lamang sa upuan ninyo’t nang sa gayo’y maaaring makababa ang mga binata sa mga hanay at makapamahagi ng mga prayer card nang sadyang madali hangga’t maaari. Iya’y magiging sa mga balkonahe o sa sahig, kahit saan, sa pang-ilalim na mga palapag o kung nasaan man kayo, manatili lamang sa upuan ninyo at malalaman ng mga binata na kayo’y naririto para sa prayer card. At pagkatapos mamayang gabi’y mananalangin tayo para sa mga maysakit. At kung hindi binabago ng Panginoon ang mga kaisipan ko, nais kong mangaral sa paksa ngayong gabi na, *Kung Ipaapakita Mo Sa Amin Ang Ama, Mabibigyang-kasiyahan Na Kami.*

Ngayo’y ibig kong magbasa para sa isang teksto ngayong hapon, upang masimulan lang ang Kasaysayan ng Buhay, matatagpuan sa Aklat ng Mga Hebreo, sa ika-13 kabanata, at magsimula tayo rito mga...sasabihin kong mga nasa ika-12 talata.

Kaya nga si Jesus din, nang sa gayo'y mapabanal niya ang mga tao sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo, ay nagdusa sa labas ng tarangkahan.

Tayo'y pumunta . . . kung gayon sa kaniya sa labas ng kampo, na binabata ang kaniyang kahihayan.

Sapagkat dito'y mayroon tayo diling lungsod na nananatili, ngunit tayo ay naghahanap ng isang darating.

Ngayon 'yan ay tipong isang teksto. Dahil, kita n'yo, kung ito'y isang kasaysayan ng buhay o kahit anong nauukol sa isang nilalang, hindi natin niluluwalhati iyan, at lalo na ang isang—isang nakaraan ng tao, kung ito ba'y naging sindilim ng gaya sa akin. Ngunit naisip ko, kung binabasa natin ang Kasulatan, pagpapalain ng Diyos ang Kasulatan. At ang aking kaisipan ay:

Na rito'y wala tayong nananatiling lungsod, ngunit tayo'y naghahanap ng isang darating.

Ngayon, alam kong kayo'y lubhang maibigin sa Los Angeles. May karapatan kayong maging. Ito'y isang kahanga-hanga't, magandang lungsod. Sa maitim na usok nito at ano pa ba, ito pa ri'y isang magandang lungsod, mainam ang klima. Ngunit ang lungsod na ito ay hindi makakapanatili, kinakailangan nitong magkaroon ng katapusan.

Nakatuntong na ako sa Roma (kung saan naroon ang mga dakilang emperador) at sa mga lungsod na inakala nilang itatayo nilang walang kamatayan, at nakapaghukay ng dalawampung talampakan para lamang matagpuan ang mga guho niyon.

Nakatuntong na ako kung saan nagkaroon ang mga Faraon ng kanilang mga dakilang kaharian, at kayo'y makapaghuhukay sa lupa upang matagpuan kung saan naghari ang mga dakilang Faraon.

Gusto nating lahat na mag-isip tungkol sa lungsod at lugar natin. Subalit, tandaan, hindi ito makatatagal.

Nang ako'y isang munting batang lalaki'y dati akong nagtutungo sa isang malaking puno ng maple. Sa aming kabukiran ay mayroon kaming maraming matigas na kahoy. At saka mayroon kami nitong mga puno ng maple, ang sugar maple, at ang tinatawag naming "matigas na maple" at "malambot na maple." Itong kahanga-hangang malahiganteng punongkahoy, ito ang pinakamagandang punongkahoy. At kapag pupunta ako mula sa mga bukirin, sa pagtatrabaho sa mga tuyong damo at—at sa mga anihan, gusto kong magtungo sa malaking punongkahoy na ito at—at uupo sa ilalim nito at—at titingala. At makikita ko ang malalaki't matitibay na mga sanga nitong umuugoy sa hangin, matibay at malalaking mga

sanga. At ang sabi ko, “Alam mo, naniniwala akong ang punong ito ay mananatili rito sa loob ng daan-daang taon.” Hindi pa naglalao’y tiningnan ko ang matandang puno, ito’y isang tulos na lamang.

“Sapagkat dito’y wala tayong nananatiling lungsod.” Wala, walang anoman dito sa lupa na maaari mong makita na mananatili. Kinakailangan nitong magkaroon ng katapusan. Bawat bagay na mortal ay kinakailangang magbigay-daan sa isang immortalidad. Kaya kahit gaano pa kagaling na itayo natin ang ating mga daang-bayan, gaano man kainam nating gawin ang ating mga gusali, itong lahat ay kinakailangang mawala, pagkat dito’y walang anomang makakapanatili. Ang Di Nakikita lamang ang siyang makakapanatili.

Natatandaan ko ang bahay na tinirahan namin, iyon ay isang lumang bahay na trosong pinagdikit-dikit sa putik. Ako . . . Marahil siguro’y marami ang hindi pa nakakakita ng isang bahay na pinagdikit-dikit sa putik. Ngunit iyon ay pinagdikit-dikit lahat sa putik, at ang matitibay at pagkalakilaking mga troso na nasa lumang bahay, akala ko ang bahay na iyon ay tatagal sa loob ng daan-daang taon. Ngunit, alam n’yo, ngayon kung saan dating nakatirik ang bahay na ’yon ay isang proyektong pabahay na. Iyon ay talagang higit na ibang-iba na. Bawat bagay ay nagbabago. Subalit . . .

At dati kong nakikita ang aking ama, siya ay isang medyo isang maliit, at matipunong lalaki, napakalakas, at isa siya sa mga pinakamalakas na maliit na lalaking nakilala ko. Nakilala ko si Ginoong Coots, isang taong dati niyang kasamahan na nagtatrabaho sa mga trosohan, siya’y isang magtotroso, at mga isang taon ng nakalipas, at si Ginoong Coots ay isang napakabuting kaibigan ko, at isang diyakono sa iglesyang First Baptist, at sinabi niya, “Billy, ikaw ay malamang na maging isang tunay na malakas na lalaki.”

At sabi ko, “Hindi, ako’y hindi, Ginoong Coots.”

Sabi niya, “Kung ikaw ay katulad ng tatay mo, ikaw ay magiging.” Sabi, “Nakita ko ang lalaking ’yon, tumitimbang ng isandaan at apatnapung libra, na kumarga ng isang troso sa bagon nang sarili niya, na tumitimbang ng siyam na raang libra.” Sadyang alam niya kung paano gagawin ’yon. Malakas siya. Nakikita ko siyang pumupunta sa dako upang maghugas at makapaghanda para sa hapunan, kapag tatawagin na siya ni Nanay.

At kami’y may isang matandang puno ng mansanas sa labas sa harapang bakuran, at saka may tatlo o apat na mga maliliit na klase sa kahabaan patungo sa may likuran. At mismo sa gitnang puno ay may isang lumang espeho, nabasag na, salamin, isang malaki. At nakakabit iyon sa tagiliran ng puno na may ilang pakong nakabaliko. Kagaya ng ilan sa

inyong mga karpinterong nakikinig ay tinatawag iyon na para bang tulad ng “mga sabitan ng amerikana.” Nakabaliko ’yon papasok upang mapanatili ang salamin sa lugar nito. At doo’y may lumang suklay na yari sa lata. Ilan na ang nakakita ng lumang lata...ng lumang modelong suklay na yari sa lata? Tila ba sadyang nakikita ko ’yon.

At saka mayroon doong isang maliit na bangkong labahan, isang maliit lang na tabla na may maliit na paang tagilid sa ilalim nito, nakapakong pasandal sa puno. Isang maliit, luma’t, kalahating asupreng pambomba roon na ipinapambomba namin ng tubig palabas, at kami’y naglalaba sa may matandang punong ito. At si Nanay ay datihang kumukuha ng mga sako ng giniling na pagkain at ginagawang mga tuwalya. May nakagamit na ba ng tuwalyang yari sa sako ng giniling na pagkain? Aba, sigurado akong panatag ang kalooban ko ngayon. At ang mga malalaki, luma’t magagaspang na tuwalyang ’yon! At, kapag binibigyan niya kaming mga munting paslit ng paligo, siya’y...tila ba tinatangal niya ang balat sa tuwing siya’y nagkukuskos. At natatandaan ko ’yang lumang sako ng giniling na pagkain. At hihilahin niya ang ilan sa mga pisi nang palabas at gagawa ng mga maliliit na palawit, upang tipong dekorasyunan iyon.

Ilan na nga ba ang nakatulog sa isang dayaming kaluban? Aba, ako’y—ako’y magsasabi! Ilan na ang nakakaalam kung ano ang bunot na unan? Aba, Kapatid na Glover, nasa tahanan na ako ngayon, siguradong-sigurado! Dayaming kaluban, bueno, hindi pa naman masyadong matagal mula nang ako’y nakaranas ng isa, at iyon ay...Naku, iyon—iyoy magandang tulugan, malamig. Pagkatapos sa panahon ng taglamig ay kinukuha nila ang lumang plumaheng higaan at humihiga roon, alam n’yo, at saka kinakailangang maglagay ng isang pirasong lona sa buong ibabaw namin dahil ang niyebe ay umiihip sa—sa—sa mga bitak sa bahay, alam n’yo, kung saan ang mga lumang clapboard na tisa ay umaangat, alam n’yo, at ang niyebe ay pumapasok doon. At, naku, natatandaan ko ’yang lahat nang lubos.

At saka si Tatay ay dating may pang-ahit. Ako... Ngayon ito ay babagbag sa inyo. Iyon ay yari sa mga busal ng mais, isang pang-ahit na may mga busal ng mais. Kukunin niya ang lumang lihiyang sabon ni nanay na ginawa nito, aayusin iyon at ilalagay sa mukha niya kasama nitong sipilyong busal ng mais, at aahitin ’yon ng isang malaki, luma’t tuwid na labaha. At kapag Linggo ay kukunin niya ang—ang mga piraso ng papel, ididikit palibot sa kanyang kuwelyo, nagsusuot sila ng mga kuwelyong celluloid at inilalagay ’yon palibot sa kuwelyo tulad ng ganito para mapigilan ang—ang bula ng sabon sa pagpunta sa kuwelyo ng kamisadentro niya. Nakita n’yo na ba kung paano ’yan nagagawa? Aba, hay, naku!

Natatandaan ko ang isang maliit at matandang bukal sa dakong ibaba, kung saan kami dating pumupunta upang mag-igib ng inuming tubig, at sasalok ng aming tubig mula sa isang lumang panalok na tuyong balat ng kalabasino. Ilan ang nakakita na ng panalok na tuyong balat ng kalabasino? Bueno, ilan sa inyo ang mula sa Kentucky, nga pala? Oo, aba, tumingin lang kayo rito sa mga Kentuckian. Bueno, aba, ako'y—ako'y mismong nasa . . . akala ko'y pulos Okies at Arkies ang naririto, ngunit tila ang Kentucky ay papasok na. Bueno, nakahukay sila ng langis sa Kentucky ilang buwan na ang nakaraan, alam n'yo, kaya siguro ang ilan sa kanila'y papunta sa gawing ito.

At pagkatapos natatandaan ko noong si Tatay ay dating pumapasok at naghuhugas para sa hapunan, ilililis niya pataas ang kanyang manggas, at yaong mga maliliit na maiiksing matipunong brasong iyon. At kapag itataas niya ang kanyang mga braso upang maghilamos, ihahagis ang tubig sa kanyang mukha, ang mga kalamnang 'yon ay sadyang umuumbok sa kanyang maliliit na braso. At sabi ko, "Alam mo, mabubuhay ang tatay ko nang isandaan at limampung taon." Napakalakas niya! Ngunit namatay siya sa gulang na limampu't dalawa. Kita n'yo? "Dito'y wala tayong lungsod na nananatili." Iya'y tama. Tayo'y hindi makapagpapatuloy.

Ngayon magkaroon tayo ng kaunting paglalakbay, lahat tayo. May bawat isa sa inyo rito na may kasaysayan ng buhay, gaya ko ring mayroon, at magandang mamasyal pababa sa landas ng alaala paminsan-minsan. Di n'yo ba naiisip ang gayon? Bumalik lamang, at tayong lahat ay bumalik sandali, pabalik sa mga magkakatulad na karanasan tulad ng maliliit na mga bata.

At ngayon ang unang bahagi ng kasaysayan ng buhay. Bibigyan ko lang ito ng kaunting pagsasaayos, pagkat iyo'y nasa aklat at marami sa inyo ang mayroon nang aklat.

Ipinanganak ako sa isang maliit na dampang bundok, sa tuktok ng kabundukan ng Kentucky. Sila'y may isang silid na tinitirahan namin, walang alpombra sa sahig, kahit kahoy man lang sa sahig, iyon ay isang lantad lang na sahig. At isang tuod, ibabaw ng isang tuod na pinutol na may tatlong paang nakakabit doon, iyan ang lamesa namin. At lahat ng mga maliliit na Branham na 'yon ay magsisiksikang palibot doon, at palabas sa harap ng maliit at lumang dampa, at nangagsisipaglubalob, tila ba kung saan ang isang pulutong ng mga opossum ay nagsisipaglubalob doon sa labas sa alikabok, alam n'yo, lahat ng mga maliliit na magkakapatid na lalaki. Siyam kami, at isang maliit na batang babae, at siya talaga'y nagkaroon ng mahirap na karanasan sa gitna ng pulutong ng mga batang lalaking 'yon. Kailangan naming igalang siya hanggang ngayon dahil sa mga bagay na nagawa namin nung

mga araw na 'yon. Hindi siya makasama sa amin kahit saan, pinababalik namin siya, siya noo'y isang batang babae. Kaya hindi niya makayanan iyon, alam n'yo. Kaya kami ay nagkaroon. . . At lahat. . .

Natatandaan 'yang likod sa hulihan ng lamesa'y mayroon lang kaming dalawang upuan, at ang mga iyon ay yari sa balat ng sanga. Sadyang lumang mga batang puno ng hickory na pinagsama-sama, at ang pinakailalim nila'y napupuntasan ng balat ng hickory. May nakakita na ba ng upuang balat ng hickory? Oo. At naririnig ko pa si Nanay. Naku, di nagluwat nang kami'y mapunta sa lugar kung saan siya magkakaroon ng kahoy na sahig, ang mga sanggol na iyon ay nasa kandungan niya nang *paganito*, at inuugoy ang lumang upuang 'yon nang pakalantog, pakalantog, kalantog sa sahig. At natatandaan ko ang pagpipigil sa mga maliliit sa paglabas ng pintuan, kapag siya'y maglalaba o kung ano, ilalapag niya ang isang upuan at iaayos 'yong tila pahilig sa may pintuan upang pigilan ang mga maliliit sa paglabas kapag kinakailangan niyang pumunta sa batis para umigib ng tubig, at iba pa.

At si Nanay ay labinlimang taong gulang nang ipanganak ako, si Itay ay labingwalo. At ako ang una sa siyam na magkakapatid. At sinabi nila sa akin na nang umagang ako ay ipinanganak. . .

Ngayon, kami ay napakahirap, sadyang pinakamahirap sa lahat ng mahihirap. At kami'y wala man lang bintana sa maliit na dampang ito. Ito'y merong tila isang maliit na pintong yari sa kahoy na nabubuksan mo. Nagdududa ako kung meron ba sa inyo ang nakakita na ng anomang tulad niyan. Isang maliit na pintong yari sa kahoy na nabubuksan sa halip na bintana, pinananatili mo itong bukas sa umaga at isinasara ito sa gabi. Hindi kami nakapagbubukas ng mga de-kuryenteng ilaw o kahit makapagsindi man ng gaas nung panahong 'yon, mayroon kaming tinatawag n'yo na "isang grasang ilawan." Ngayon, di ko alam kung alam na ninyo kung ano ang grasang ilawan. Bueno, ano ang inyong. . . At kayo ba'y nakabili na. . . nakapagsindi na ng isang bukong pino? Dahil kumuha lang kayo ng isang bukong pino at sindihan iyon at ilagay 'yon sa isang takip, ito'y magniningas na. At iya'y. . . umuusok nang bahagya, ngunit sila nama'y walang kasangkapan, kahit papaano, para mausukan. Kaya iyon lang. . . ang dampa ang nauusukan. Iyon ay mainam na nakapagpapadaloy ng hangin dahil may labis na bubungan doon sa itaas para makasingit itong papalabas. Kaya ito'y. . .

At ako'y ipinanganak noong Abril ng—ng ika-6, 1909. Siyempre, alam n'yo, iyan ang dahilan na medyo lampa sa dalawampu't limang taong gulang na ako ngayon. At kaya nung umagang ako ay ipinanganak, sinabi ni nanay na binuksan nila ang bintana. Ngayon, wala kaming mga doktor,

may isang hilot. Sadyang. . . At ang hilot na 'yon ay ang lola ko. At kaya nang ako ay ipanganak at ang una kong pagsisimulang umiyak, at—at gusto ng inang makita ang anak niya. At—at siya man ay isang bata rin sa kanyang sarili. At nang buksan nila ang maliit na bintana, hustong sa pamimitak ng araw, mga alas-singko. At ang. . . may isang matandang robin na nakaupo sa may gilid ng isang maliit na palumpong. Gaya ng nakita na ninyong lahat ang litrato niyon sa—sa aking aklat ng kasaysayan ng buhay ko. Isang matandang robin na nakaupo roon na sadyang umaawit sa lahat ng nasasa kanya.

Matagal ko nang mahal ang mga robin. Ngayon, kayong mga batang lalaking nakikinig sa radyo, huwag n'yong babarilin ang aking mga ibon. Alam n'yo kasi, sila'y—sila'y—sila'y. . . Sila'y aking mga ibon. Narinig n'yo ba ang alamat ng robin, kung paano niya nakuha ang kanyang pulang dibdib? Hihinto muna ako rito sandali. Kung paano niya nakuha ang kanyang pulang dibdib. . . Naroong ang Hari ng mga hari ay nag-aagaw—buhay na isang araw sa Krus, at Siya ay nagdurusa at walang lumalapit sa Kaniya. Wala Siya ni isang tutulong sa Kaniya. At may isang maliit na ibong kulay kayumanggi na gustong tanggalin ang mga pakong iyon mula sa Krus, at siya'y nagpatuloy sa paglipad tungo sa Krus at hinahaltak ang mga pakong iyon. Napakaliit niya para hatakin ang mga iyong papalabas, at doon niya nakuhang ang kanyang maliit na dibdib ay mamulang lahat sa dugo. At mula noon pagkatapos ang dibdib niya'y naging pula na. Huwag n'yong babarilin siya, mga batang lalaki. Hayaan siyang mag-isa.

Nakaupo siya sa may gilid ng bintana, humuhuni habang ang mga robin ay umaawit. At—at itinulak ni Itay pabalik ang bintana. At nang itulak nila ang maliit na bintanang pintong pabalik, ang Ilaw na iyan na nakikita ninyo sa litrato ay dumating na paikut-ikot sa may bintana, sabi ng aking ina, at tumutok sa ibabaw ng higaan. Hindi alam ni Lola kung ano ang sasabihin.

Ngayon, kami. . . ay hindi relihiyosong pamilya. Ang pamilya ko ay Katoliko. Ako'y Irish sa magkabilang panig. Ang aking ama ay purong Irish, Branham. Ang aking ina ay Harvey; lamang, ang kanyang ama ay nakapag-asawa ng isang Cherokee Indian, kaya pinutol niyan ang maliit na linya ng dugo ng Irish. At ang ama at ina ay hindi nagsisimba, at sila'y ikinasal sa labas ng simbahan at sila ay wala man lamang relihiyon. At pabalik doon sa kabundukan ay ni wala ngang simbahang Katoliko. Kaya dumating sila sa mga sinaunang naninirahan, dalawang Branham ang dumating, at mula riyan ay umusbong ang buong henerasyon ng mga Branham; ay ang pinag-angkanan ng pamilya.

At pagkatapos ay binuksan niya. . . Nang buksan nila itong bintana at itong Ilaw na nakatuntong doon, hindi nila alam

kung ano ang gagawin. Ibinili siya ni Itay (sabi ni Inay) ng isang bagong pares ng oberol para sa okasyong ito. Nakatayo siya na may . . . ang mga bisig niya ay nasa bib ng lumang oberol, tulad ng ginagamit ng mga mangangahoy at magtotroso nung mga araw na 'yon. At natakot sila.

Bueno, pagkatapos kong lumaki nang marahil sampung araw na gulang, o kung ano man, dinala nila ako sa isang maliit na simbahang Baptist na tinatawag na "Opossum Kingdom," Opossum Kingdom Baptist na simbahan. Iya'y isa talagang isang pangalan. May isang matandang naglalakbay na mangangaral, ang makalumang mangangaral na Baptist ay dumating doon mga minsan sa dalawang buwan. Sa . . . Ang mga tao ay nagkakaroon ng isang maikling gawain nang sama-sama, umaawit sila ng ilang kanta, ngunit may pangangaral sila madalas mula sa palibut-libot na manlalakbay. Binabayaran nila siya ng isang sakong kalabasa at kaunting mga bagay tulad no'n, alam n'yo, na itinatanim ng mga tao para ibigay sa kanya. At ang matandang mangangaral, ay dumating, at doon siya'y nag-alay ng panalangin para sa akin bilang isang maliit na batang lalaki. Iyan ang una kong paglalakbay sa simbahan.

Sa taon ng mga . . . para bang lampas nang kaunti sa dalawang taong gulang, ang unang pangitain ay nangyari.

Aba, naipagsabi na nila sa palibot ng kabundukan doon na "Ang Ilaw Na Ito ay pumasok." Kaya pinilit nilang tantiyahin kung ano iyon. Ang ilan sa kanila ay nagsabing iyon siguro ang sikat ng araw na umaaninag sa salaming nasa bahay. Pero walang salamin doon sa loob. At ang araw ay hindi pa sumisikat, kaya iyon ay masyado pang maaga, alas-singko. At pagkatapos, naku, nilampasan lang nila Iyon. At nang ako ay mga . . . ipagpalagay nang malapit sa tatlong gulang. . .

Ngayon, kinakailangan kong maging matapat. May mga bagay rito na di ko gustong banggitin, at nais ko sana'y malampasan ko iyon at di na kailangan pang banggitin iyon. Ngunit gayunman, upang sabihin ang katotohanan, kinakailangan mong sabihin ang katotohanan kung iyon ay sa iyong sarili o iyong pamilya. Maging matapat tungkol dito, at saka ito'y laging ganon.

Ang aking ama ay malayung-malayo sa pagiging isang relihiyosong tao. Isa siyang tipikal na binatang bundok na umiinom nang madalas, sa lahat ng oras. At siya noo'y napasabak sa kung anong gulo ng isang basag-ulo, at may dalawa o tatlong lalaking halos mapatay habang nag-aaway sila, nagbabilangan, at isa't-isa'y nagsasaksakan ng mga patalim, sa kung anong klaseng kasayahan sa itaas ng mga kabundukan. At isa si Itay sa mga pasimuno ng away na ito, dahil sa may isang kaibigan siya na nasaktan, at nahataw ang isa ng upuan.

At nagkaroon...Ang lalaki ay naglabas ng patalim at sasaksakin na sana ang kaibigan ni Itay sa may sahig ng patalim na ito, sa kanyang puso, at ginawa ni Itay ang kanyang bahagi. At iyon talaga marahil ay naging kakila-kilabot na laban, dahil sila, mula sa bandang malayo hanggang pababa sa may Burkesville, maraming milya ang layo, ipinasundo nila ang isang sheriff upang habulin si Itay, nakakabayo.

Kaya nakabulagta ang lalaki sa bingit ng kamatayan. Maaaring ang ilan sa kanyang pamilya ay nakikinig. Babanggitin ko ang pangalan niya, Will Yarbrough ang pangalan niya. Sila malamang ay...sa palagay ko ang ilan sa kanila ay nasa California, sa mga anak niyang lalaki. Ngunit isa siyang maton, malaki at malakas na lalaki, pinatay ang kanyang sariling anak na lalaki ng isang bakod na rehas. Kaya siya—siya ay isang napakalakas at napakasamang lalaki. At kaya may isang tunggalian ng saksakan sa pagitan niya at ni Itay. At halos mapatay ng aking ama ang lalaki, kaya kinailangan niyang tumakas at umalis sa Kentucky at pumunta sa kabilang ibayo ng ilog sa Indiana.

At may isa siyang kapatid na lalaking naninirahan, nang panahong iyon, sa Louisville, Kentucky, na pangalawang tagapangasiwa ng Wood Mosaic Saw Mills sa Kentucky, sa Louisville. At kaya si Itay ay umalis para hanapin ang kanyang nakakatandang kapatid na lalaki. Si Itay ang bunso sa mga lalaki, sa labimpitong magkakapatid. At kaya nagpunta siya para hanapin ang nakakatanda niyang kapatid na lalaki, at samantalang siya ay nawala naman sa loob ng halos isang taon. Hindi siya makabalik, dahil hinahanap siya noon ng batas. At pagkatapos nang kami ay makabalita mula sa kanya sa pamamagitan ng sulat, na pinirmahan ng iba pang pangalan, ngunit sinabi niya iyon kay nanay kung paano mangyayari na siya'y makakabalita mula sa kanya.

At saka natatandaan ko isang araw ang batis (itong munting dampa) ay nasa likuran lang ng bahay. At—at noong panahong iyan pagkatapos...May siyam...labing-isang buwang agwat sa pagitan ko at ng kasunod kong kapatid na lalaki, at noo'y gumagapang pa siya. At ako nong may isang malaking bato sa kamay ko, at pinipilit kong ipakita sa kanya kung gaano ko kalakas na maihahagis itong bato sa lumang putikan, kung saan lumampas ang batis sa pasigan at gumawa ng maputik na lupa. At nakarinig ako ng isang ibon, at umaawit iyon sa itaas ng puno. At tumingala ako sa itaas ng punong 'yon at lumipad ang ibon palayo, at, nang lumipad iyon, isang Tinig ang nagsalita sa akin.

Ngayon, alam kong sa palagay ninyo'y hindi ko maiisip at matatandaan iyon. Ngunit ang Panginoong Diyos Na Tagahatol, ang lupa at ang mga kalangitan at lahat ng mga naroroon ay, nalalamang ako'y nagsasabi ng katotohanan.

Ang ibong iyon, nang lumipad iyon palayo, isang Tinig ang sumulpot kung saan nanggaling ang ibon sa puno, tulad ng hanging nahuli sa palumpong, at ito ay nagsabi, “Ikaw ay maninirahan malapit sa isang lungsod na tinatawag na New Albany.” At ako’y nakapanirahan na, mula sa panahong ako ay tatlong taong gulang hanggang sa sandaling ito, sa loob ng tatlong milya ng New Albany, Indiana.

Pumasok ako at sinabi sa aking ina ang tungkol doon. Bueno, akala niya’y nananaginip lang ako o kung ano.

At kasunod no’n ay lumipat kami sa Indiana at si Tatay ay nagtrabaho para sa isang lalaki, si Ginoong Wathen, isang mayamang tao. Siya ang may pag-aari ng Wathen Distilleries. At siya’y may pag-aaring malaking mga bahagi; isa siyang sobra pa sa milyunaryo, at ang Louisville Colonels, at—at baseball, at iba pa. At pagkatapos ay tumira kami malapit doon. At si Itay bilang isang mahirap na tao, ngunit hindi niya mapigilan ang kanyang panginginginom, kaya siya—siya ay nagpatuloy sa paggawa ng alak sa isang—sa isang distilador.

At pagkatapos ay gumawa iyon ng kahirapan sa akin dahil ako ang pinakamatanda sa magkakapatid. Kinakailangan kong magpunta at mag-igib ng tubig para sa distilador na ito, upang mapanatiling malamig ang mga likaw na iyon habang ginagawa nila ang alak. Pagkatapos ay ipinagbibili niya iyon at pagkaraa’y nagkaroon siya ng dalawa o tatlo ng mga distilador na iyon. Ngayon, iyan ang bahaging di ko gustong sabihin, ngunit iyon ang katotohanan.

At natatandaan ko isang araw, mula sa kamalig, paakyat sa bahay, na umiiyak. Dahil sa labas sa likuran ng lugar ay may lawa, iyon. . . kung saan sila dating nagtitipak ng yelo. Marami sa inyo ang nakakaalala kung kailan dati silang nagtitipak ng yelo at inilalagay iyon sa kusot. Bueno, iyan ang paraan ni Ginoong Wathen na panatiliin ang yelo doon sa probinsiya. At si Tatay ay isang—isang tsuper para sa kanya, isang pribadong tsuper. At kapag ang. . . ang lawang ito ay puno ng isda at kapag pumupunta sila sa pagtitipak ng yelo at dinadala iyon at inilalagay iyon sa kusot, pagkatapos kapag ang yelo ay natunaw sa panahon ng tag-init habang iyon ay natutunaw, iyon ay tila бага malinis sa palagay ko, sadyang katulad ng isang lawang yelo, at magagamit nila iyon, hindi para inumin, kundi para mapanatiling malamig ang tubig, inilalagay ’yon sa palibot ng kanilang mga timba at kanilang gatas at iba pa.

At isang araw sa pag-iigib ng tubig mula sa likuran palabas sa pambombang ito, na mga isang lungsod na bloke ang layo. Tumitili ako sa kung sino ang hindi makakahuli, dahil nanggaling ako noon mula sa paaralan at lahat ng batang lalaki ay nangagsisipunta sa lawa, namimingwit.

Sadyang ibig ko ang mamingwit. At kaya silang lahat ay nakapamimingwit maliban sa akin, at kinakailangan kong magpapuno ng tubig para sa distilador na ito. Siyempre, naku, kinakailangang walang-imik 'yan, iyan ay ipinagbabawal. At ako... Iyon ay napakahirap. At naaalala ko noong ako'y papunta doon na papadyak ang lakad, at mayroon akong busal ng mais na nakabalot sa ilalim ng paanan ng daliri ko upang hindi ito maalikabukan. Nagawa n'yo na ba 'yan? Maglagay nga kayo ng busal ng mais sa ilalim ng inyong paanan tulad *nito* at talian ng panaling paikot nito. Sinusuportahan nito ang daliri ng paa mo nang pataas na tulad halos ng ulo ng pagong, alam n'yo, nakausling pataas. Masusundan mo ako saan man ako pumaroon, sa busal ng mais na ito sa ilalim ng daliri ng paa ko; kung saan ipinapadyak ko ito, alam n'yo. Wala akong kahit anong sapatos na maisuot. Kaya kami ay di kailanman nakapagsuot ng sapatos, minsan abot sa kalagitnaan ng taglamig. Kung kami man nga, kami... iyon ay kung ano lang ang aming matanggap, may magbibigay sa amin. At mga damit na kung sinuman, kawanggawa na magbibigay sa amin.

At tumigil ako sa ilalim nitong punong-kahoy, nakaupo ako roong tumitili lang (iyon ay nung Setyembre) dahil gusto kong mamingwit, kinakailangan kong magpuno ng ilang batya ng tubig ng mga maliliit na timbang nanlalagkit, mga *ganyan* lang kataas, kalahating galon, pagkat ako noo'y isang maliit na batang lalaking mga pitong taong gulang. At ibuhos ko sila sa isang malaking batya at saka babalik at kukuha ng dalawa pang timba at babalik, pinupuno iyon. Iyan ang tubig na mayroon kami. At sila ay mananaid agad ng isang bunton nung mais na alak nang gabing iyon, itong lalaking kasama ni Itay, sa itaas ng bahay.

At ako'y umiiyak, at bigla na lang akong nakarinig ng kung anong gumagawa ng ingay na gaya ng ipuipo, para bang tulad nito (ngayon, umaasa akong hindi ito masyadong malakas), nagwu- "Whoooooosssh, whoooooosssh," ingay lang na gaya niyan. Aba, lubhang matahimik noon, at ako'y tumingin sa paligid. At alam n'yo kung ano, isang maliit na ipuipo, palagay ko'y tinatawag n'yo sila na mga alimpuyo? Sa taglagas ng taon ay namumulot sila sa maisan, alam n'yo, ng mga dahon at iba pa, nung taglagas doon, ang mga dahon ay nagsisimula pa lamang malagas. At noo'y nasa ilalim ako ng malaking puting puno ng poplar, nakatindig mga nasa kalaghatian sa pagitan ng kamalig at ng-ng bahay. At narinig ko ang ingay na iyon. At lumingon ako sa paligid, sadyang sintahimik gaya ng sa silid na ito. Ni isang dahong hinahangi'y wala saan man, o wala. At naisip ko, "Saan kaya nagmula ang ingay na iyon?" Aba, naisip ko, "Malayo siguro mula rito." Isang batang lalaki lamang. At naging papalakas nang papalakas iyon.

Dinampot ko ang aking mga maliliit na timba at tumili pa ng ilang ulit at sinimulan kong tahakin ang daan, nagpapahinga ako noon. At nakakailang talampakan pa lang ako mula roon, nasa labas mula sa ilalim ng mga sanga ng malaking punong ito, at, ay, naku, gumawa iyon ng paikot na tunog. At lumingon ako upang tingnan, at nasa mga kalaghatian mula sa itaas ng punong iyon ay isa pang ipuipo, na naipit sa punong iyon at kumikilos nang paikut-ikot, pinagagalaw ang mga dahong iyon. Ngunit, hindi ako nag-isip ng kung ano man tungkol doon dahil iyon ay sa gayong panahon ng taon lang, at sa taglagas, aba, dumarating ang mga ipuipong 'yon. Maliliit... Tinatawag namin silang "mga ipuipo." At sila—at sila ay dumadampot ng alikabok. Nakita n'yo sila sa disyerto nang ganyan. Pareho lang. Kaya ako'y nanood, subalit hindi ito umalis. Karaniwa'y ihip lang ito nang ilang saglit, pagkatapos ay aalis, ngunit iyon ay naroon na doon nang dalawang minuto o higit pa.

Bueno, sinimulan kong tahakin ang daan muli. At ako'y lumingon upang pagmasdan ito muli. At nang Magkagayon, isang Tinig ng tao na sadyang kasing linaw gaya ng sa akin, ang nagsabi, "Huwag kang inom kailanman, maninigarilyo, o dudungisan ang iyong katawan sa kahit anong paraan. Magkakaroon ka ng gawain na iyong gagampanan kapag ikaw ay tumanda-tanda na." Aba, halos patayin ako no'n sa takot! Makikinikinita n'yo kung paano nakadama ang munting nilalang. Binitiwang ko ang mga timbang iyon, at umuwi ako sa bahay nang buo kong makakayang tumakbo, humihiyaw nang pagkalakas-lakas.

At may mga copperhead sa bukiring iyon, mga ahas, at sila'y lubhang makamandag. Akala ni Nanay, nanggaling sa may tabi ng halamanan ay naiapak ko marahil ang aking paa sa isang copperhead at tumakbo siya upang salubungin ako. At lumukso ako sa kanyang kandungan, tumitili, inaakap siya, hinahagkan siya. At sinabi niya, "Ano ba ang nangyari, natuklaw ka ba ng ahas?" Tiningnan ako mula ulo hanggang paa.

Sabi ko, "Hindi po, Inay! May tao po sa punong-kahoy na iyon diyan sa may ibaba."

At sabi niya, "Naku, Billy, Billy! Sige na?" At sabi niya, "Huminto ka ba at natulog?"

Sabi ko, "Hindi po, Inay! May tao po sa may punong-kahoy na 'yon, at sinabi po Niyang huwag akong inom at huwag maninigarilyo."

"Uminom ng mga alak at—at mga bagay." At nag-iipon ako noon ng tubig sa isang distilador ng bawal na alak, mismo noon. At sinabi Niya, "Huwag ka kailanmang inom o dudungisan ang iyong katawan sa kahit anong paraan." Iya'y

masama, alam n'yo, at ang aking kamusmusan...binatilyo kasama ang mga kababaihan. At sa buo kong kakayahan, hindi ako kailanman ni isang beses nagkasala ng gano'n. Ang Panginoon ang tumulong sa akin sa mga gayong bagay, at habang nagpapatuloy ako ay malalaman ninyo. Kaya kung gayon, "Huwag kang iinom o huwag kang maninigarilyo, o huwag mong dudungisan ang iyong katawan, may nakalaang gawain para sa iyo pagtanda mo."

Bueno, sinabi ko 'yan kay Inay, at—at tumawa lang siya sa akin. At ako noo'y nag-isterika. Tumawag siya ng doktor, at sinabi ng doktor, "Bueno, siya ay ninenerbiyos lamang, 'yon lang." Kaya pinatulong niya ako. At ako'y hinding-hindi, mula nung araw na iyon hanggang ngayon, kailanma'y dumaan sa may punong-kahoy na iyon muli. Ako'y takot na takot. Bumababa ako sa kabilang gilid ng halamanan, dahil akala ko'y may tao sa itaas nung punong iyon, at siya'y nakikipag-usap sa akin, malaki't malalim na Tinig na nagsalita.

At pagkatapos sa loob ng mga isang buwan pagkaraan no'n, naglalaro ako noon ng mga holen sa labas kasama ang aking mga maliliit na kapatid na lalaki, sa labas sa may harap ng bakuran. At kagyat akong nagkaroon ng kakaibang pakiramdam na dumating sa akin. At ako'y huminto at umupo sa tabi ng punong kahoy. At kami ay mismong nasa pampang ng Ilog Ohio. At ako'y tumingin paibaba na patungo sa Jeffersonville, at nakakita ako ng isang tulay na pumaitaas at nagtungo sa kabilang ibayo no'n, ng ilog, bumagtas sa ilog. At nakakita ako ng labing-anim na tao (binilang ko sila) na nahulog mula roon at binawian ng buhay sa tulay na iyon. Patakbo akong pumasok nang talagang mabilis at sinabi ko sa aking ina, at akala niya'y nakatulog ako. Ngunit natandaan nila iyon, at dalawampu't dalawang taon mula noon ang Pambayang Tulay ngayon ('yung tinatawiran ng marami sa inyo kapag kayo'y tumatawid doon) ay tinawid ang ilog sa gayon ding puwesto, at labing-anim na tao ang nasawi sa pagtatayo ng tulay na iyon sa ibayo ng ilog.

Ito'y hindi kailanman nabigo upang maging ganap na totoo. Gaya ng nakikita ninyo Ito rito sa oditoryum, Ito'y naging ganyan na sa lahat ng oras.

Ngayon, akala nila'y ninenerbiyos lang ako. Na, ako nga ay isang nerbiyosong tao, iya'y totoo. At, kung inyong napuna, ang mga tao na mga—mga napapahilig na maging espirituwal ay nerbiyoso.

Tingnan n'yo ang mga makata at propeta. At tingnan n'yo si William Cowper na sumulat ng tanyag na awiting, "May isang bukal na puspos ng Dugo, na hinugot mula sa mga ugat ni Emmanuel." Kayo ba'y naka...Alam ninyo ang awit. Nakatayo ako sa may libingan niya ng di-katagalan. Si

Kapatid na Julius, sa palagay ko, hindi ko alam, hindi. . . oo, tama nga, ay kasama namin doon sa kanyang libingan. At—at doon, pagkatapos na maisulat niya ang awiting iyon, umalis sa kanya ang inspirasyon, tinangka niyang hanapin ang—ang ilog upang magpatiwakal. Kita n'yo, umalis na sa kanya ang Espiritu. At ang mga taong tulad ng mga makata at mga mangangatha at. . . o hindi. . . ibig kong sabihi'y mga propeta.

Tingnan n'yo si Elias, nang tumayo siya sa bundok at tumawag ng apoy palabas sa langit at tumawag ng ulan palabas sa langit. Pagkatapos nang umalis ang Espiritu sa kanya, tumakas siya sa isang pagbabanta ng isang babae. At natagpuan siya ng Diyos na nagtatago sa isang kuweba, apatnapung araw ang nakaraan.

Tingnan n'yo si Jonas, may sapat na inspirasyon nang pahiran siya ng Panginoon upang mangaral doon sa Nineveh, hanggang sa isang—isang lungsod na kasing laki ng Saint Louis ang nagsisi na may telang sako. At pagkatapos nang iwan siya ng Espiritu, ano ang nangyari sa kanya? Matatagpuan natin siya sa itaas ng bundok pagkaraan umalis ang Espiritu sa kanya, na nagdarasal sa Diyos na kunin na ang kanyang buhay. At, kita n'yo, iyon ay inspirasyon. At kapag ang mga bagay na ito ay nangyayari, iyon—iyon ay may kahulugan sa inyo.

Pagkatapos ay natatandaan ko ang pagbibinata. Ako'y magiging isang binata na. (Magmamadali ako upang matapos ito sa loob ng susunod na kaunting sandali.) Noong ako'y magbibinata ako'y may kuru-kuro gaya ng lahat ng binata. Ako. . . pumapasok sa eskuwelahan, natagpuan ko silang mga mumunting dalagita. Alam n'yo, ako ay talagang mahiyain, alam n'yo. At ako—ako ay nakakuha sa wakas ng munting kaibigang babae. At gaya ng lahat ng mga binatang lalaki, mga labinlimang taong gulang, sa palagay ko. At—at kung kaya, naku, siya ay maganda. Haayy, may mga mata siyang tulad ng isang kalapati, at may mga ngipin siyang tulad ng perlas, at leeg na tulad ng isang sisne, at siya—siya ay talagang napakaganda.

At isa pang maliit na batang lalaki, siya. . . kami ay magkatoto, kaya kinuha niya ang lumang modelong-T Ford ng kanyang tatay, at kami'y nagkaroon ng isang tipanan sa kaibigan naming mga babae. At ilalabas namin sila, iaangkas. May sapat kami mga dalawang galon ng gasolina. Kinakailangan naming diyakin ang hulihang gulong upang mapihit 'yon. Hindi ko alam kung natatandaan n'yo iyan o hindi, alam n'yo, upang mapihit 'yon. Ngunit kami—kami ay nagkakamabutihang maigi.

At kaya ako ay may kaunting baryang nikel sa aking bulsa, at huminto kami sa isang maliit na lugar at kumuha. . . makakakuha ka ng isang ham sandwich sa halagang isang

nikel. At kaya, naku, ako noo'y mayaman, makabibili ako ng apat sa mga ito! Kita n'yo? At pagkatapos naming kainin ang mga sandwich at inumin ang coke. Nagsimula akong magsauli ng mga bote. At sa pagkagulat ko, nang ako ay lumabas, (ang mga kababaihan ay nagsisimula nang mawalay sa biyaya nung panahong iyon, o mula sa pagkababae) ang munti kong kalapati ay humihitit ng sigarilyo.

Aba, dati ko ng pinanghahawakan ang aking opinyon tungkol sa babaeng humihitit ng sigarilyo, at di ko pa binabago 'yon ni isang katiting mula nung oras na iyon. Iya'y tama. Ito ang pinakamababang bagay na magagawa niya. At iya'y tamang-tama. At ako—ako'y nagpapalagay na ako... Ngayon, hahabulin ako ng kumpanya ng sigarilyo dahil dito, ngunit, sinasabi ko sa inyo, iya'y isang palabas lamang ng Diablo. Ito ang pinakamalaking mamamatay at sabotahe na nakuha ng bansang ito. Mas gusto ko pang maging isang lasenggo ang anak kong lalaki kaysa maging isang humihitit ng sigarilyo. Iyan ang katotohanan. Mas gusto ko pang makita ang asawa ko na nakahandusay sa sahog, na lasing, kaysa makita siyang may sigarilyo. Iya'y kung paano . . .

Ngayon, Itong Espiritu ng Diyos na kasama ko, kung Iyan ay Espiritu ng Diyos (dahil baka itanong ninyo), kayong mga humihitit ng sigarilyo ay may maliit na pagkakataon kapag nakarating kayo roon, pagkat iyan lang ay...madalas. Napapansin n'yo ito sa plataporma, kung gaano Niya ito kinukundina. Ito'y isang kasuklam-suklam na bagay. Lumayo kayo mula rito. Mga kababaihan, kung kayo'y nagkasala ng ganyan, pakiusap, sa Pangalan ni Cristo, lumayo kayo mula rito! Sinisira kayo nito. Ito'y papatay sa inyo. Ito'y... Ito'y isang—itoy isang kanser na dumarating nang simpuno ng kotse.

Sinisikap ng mga doktor na mabigyang-babala kayo. At pagkatapos ay kung paano sila makapagbebenta sa inyo ng gayong bagay! Kung pupunta kayo roon sa botika at sasabihin, "Bibili... gusto kong bumili ng limampung sentimong halaga ng kanser." Aba, sila'y magtutungo't kakandaduhan ang mga iyon. Ngunit kapag bumili kayo ng limampung sentimong halaga ng sigarilyo, bumibili kayo ng gayon ding bagay. Sinasabi talaga ng mga doktor. O, itong bansang hibang sa salapi. Ito'y napakasama. Ito'y isang mamamatay. Ito'y napatunayan na.

Bueno, nang makita ko ang marikit na munting dalagitang 'yon na umaasta lang na sunod sa moda, itong sigarilyo sa kanyang kamay, halos patayin ako n'yon, dahil akala ko talaga'y minahal ko siya. At naisip ko, "Sabagay..."

Ngayon, tinatawag akong isang "namumuhi sa babae," alam n'yo 'yan, sapagkat ako'y laging para bang laban sa mga kababaihan, ngunit hindi laban sa inyong mga Kapatirang

Babae. Ako lang ay laban sa paraan kung paano kumilos ang mga modernong kababaihan. Iya'y tama. Ang mga mabubuting kababaihan ay nararapat pang lumago.

Subalit natatandaan ko nang ang aking ama'y naroon pa sa itaas na namamahala, kinailangan kong pumaroon na sa labas na may tubig at gamit, makakakita ng mga dalagang hindi lampas sa labimpito, labingwalong taong gulang, doon sa itaas na may kasamang lalaking ka-edad ko ngayon, na lasing. At kinakailangan pa nilang pahinahunin sila at bigyan sila ng matapang na kape, upang makauwi para makapagluto ng hapunan ng kanilang asawa. O, parang tulad niyan, sabi ko, "Ako..." Ito ang nasambit ko pagkatapos, "Hindi sila karapat-dapat sa isang mabuti't malinis na bala upang maipampatay sa kanila." Iya'y tama. At namumuhi ako noon sa mga babae. Iya'y tama. At kinakailangan ko lang na magbantay ng bawat kilos ngayon, upang makaiwas mula sa pag-iisip pa rin ng gayong bagay.

Kaya, pero ngayon, ang mabuting babae ay hiyas sa korona ng lalaki. Nararapat siyang igo lang. Siya... Ang aking ina ay isang babae, ang aking maybahay rin, at sila'y kaaya-aya. At may libu-libo akong mga Cristyanong Kapatirang Babae na labis kong iginagalang. Ngunit kung-kung maigagalang nila kung ano ang ginawa ng Diyos sa kanila, isang pagka-ina at isang tunay na reyna, iya'y mabuti. Siya ang isa sa pinakamabuting bagay na maibibigay ng Diyos sa isang lalaki, ay isang asawa. Bukod sa kaligtasan, ang asawa ang pinakamabuting bagay kung siya ay isang mabuting asawa. Ngunit kung siya'y hindi, sabi ni Solomon, "Ang mabuting babae ay hiyas sa korona ng lalaki, subalit ang isa—isang may di-kanais-nais na ugali o isang hindi mabuti ay tubig sa kanyang dugo." At iya'y tama, ito ang pinakamasamang bagay na maaaring mangyari. Kaya ang mabuting babae... Kung ikaw ay nagkaroon ng isang mabuting maybahay, kapatid, nararapat mong igo lang siya nang lubos. Iya'y tama, dapat mong gawin 'yan. Isang tunay na babae! At, mga bata, kung kayo'y nagkaroon ng isang tunay na ina na namamalagi sa tahanan at nagsisikap na alagaan kayo, nagpapanatiling malinis ng inyong mga damit, nagpapapasok sa inyo sa paaralan, nagtuturo sa inyo ng tungkol kay Jesus, dapat ninyong igo lang 'yang kalugud-lugod na matandang ina sa lahat ng nasasa inyo. Dapat n'yong igo lang ang babaeng iyan, opo, ginoo, dahil isa siyang tunay na ina.

Nag-uusap sila tungkol sa kamangmangan ng mga kabundukan ng Kentucky. Nakikita n'yo ito rito na walang kuwentang abubot. Ang ilan sa kanilang mga matatandang ina diyan sa labas ay maaaring pumunta rito sa Hollywood at magturo sa inyong mga modernong ina ng kung paano aalagaan ang mga paslit. Hayaan ninyong ang anak niya'y

dumating isang gabi na ang buhok nito gulung-gulo, ang mga labi . . . pampadulas, (ano ba'ng tawag n'yo riyan?) pangmeyk-ap na kagamitan na inilalagay nila sa kanilang mukha, at ang damit nito'y nakahapit lahat sa isang tagiliran, at nasa labas buong gabi, na lasing, kapatid, kukunin niya ang isa sa kanila na mga sanga sa tuktok ng punong hickory na 'yan at hindi na ito kailanman lalabas pa. Sinasabi ko sa inyo, siya'y . . . At kung kayo'y may kaunti pa niyan, magkakaroon kayo ng higit na magaling na Hollywood sa paligid dito, at isang higit na mas mahusay na bansa. Iya'y tama. Iyo'y totoo. "Subukin mo lang na maging moderno," iyan—iya'y isa sa mga panlilinlang ng Diablo.

Ngayon, ang munting dalagang ito, nang tingnan ko siya, ang puso ko'y sadyang nagdugo. At naisip ko, "Kawawang munting nilalang."

At sinabi niya, "Siya nga pala, gusto mo ba ng sigarilyo, Billy?"

Sabi ko, "Hindi, ma'am." Kako, "Hindi ako naninigarilyo."

Sabi niya, "Ngayon, sabi mo hindi ka sumasayaw." Gusto nilang dumalo sa isang sayawan at hindi ko magagawa iyon. Kaya sabi nila ay may sayawan doon sa ibaba, na tinatawag nilang Sycamore Gardens.

At sinabi ko, "Hindi, hindi ako sumasayaw."

Sabi niya, "Ngayon, hindi ka sumasayaw, hindi ka naninigarilyo, hindi ka umiinom. Paano ka nagkakaroon ng maski anong kasiyahan?"

Sabi ko, "Bueno, mahilig akong mamingwit at mahilig akong mamaril." Hindi iyon nakaakit sa kanya.

Kaya sinabi niya, "Kunin mo 'tong sigarilyo."

At sinabi ko, "Hindi, ma'am, salamat. Hindi ako naninigarilyo."

At nakatuntong ako noon sa may depensa. Sila'y may tablang apakan sa mga lumang Ford, natatandaan n'yo, at ako noo'y nakatuntong sa depensang iyon, na nakaupo sa likurang upuan, siya at ako. At sinabi niya, "Ibig mong sabihi'y hindi ka hihitit ng sigarilyo?" Sabi, "At kaming mga dalaga'y mas higit na may lakas ng loob kaysa sa mayroon ka."

At sinabi ko, "Hindi, ma'am, hindi ako naniniwalang gusto kong gawin 'yon."

Sabi niya, "Aba, ikaw na malaking binabae!" Ay, naku! Gusto kong maging malaking salbaheng Bill, kaya ako—ako tiyak ay di-nagnanais ng kahit anong binabae. Kita n'yo, gusto kong maging isang propesyonal na boksingero, iyan ang balak ko sa buhay. Kaya sinabi ko . . . "Binabae! Binabae!"

Hindi ko matagalan iyon, kaya sinabi ko, “Ibigay mo ’yan sa akin!” Nakaabot ang kamay ko, sabi ko, “Ipapakita ko sa kanya kung ako’y binabae o hindi.” Inilabas ko ang sigarilyong iyon at nagsimulang magkiskis ng posporo. Ngayon, alam kong kayo’y . . . Ngayon, hindi ako nananagot sa kung ano ang iniisip ninyo, may pananagutan lang ako sa pagsasabi ng katotohanan. Nang simulan kong sindihan ang sigarilyong iyon, na sadyang talagang determinadong hihititin ’yon na gaya rin na pagdampot ko nitong Biblia, kita n’yo, may narinig akong nagwu-, “Whooooosssh!” Ako’y nagtangka muli, hindi ko iyon mailagay sa aking bibig. At ako’y napaiyak, itinapon ko ang bagay sa baba. Ako’y pinagtawanan nila. At ako’y naglakad pauwi, umahon patungo sa bukid, at napaupo roon, na umiiyak. At—at iyon ay isang napakahirap na buhay.

Natatandaan ko isang araw si Itay ay papalusong sa ilog kasama ang mga kabataang lalaki. Ang aking kapatid at ako, kinailangan naming sumakay ng bangka at umahon at lumusong sa may ilog, na naghahanap ng mga bote upang paglagyan ng alak. Nakaka-isang nikel kami kada isang dosena sa kanila, ang pulutin ang mga iyon sa may gilid ng ilog. At si Tatay ay kasama ko noon, at siya’y may isa sa mga maliliit na lapad. . . palagay ko sila’y may mga kalahating pintang mga bote. At doo’y may isang punong nakabuwal na, at si Tatay. . . At ang lalaking ito ay kasama niya, si Ginoong Dornbush. Nasa akin ang kanyang. . . Siya’y may isang mahusay na bangka, at gusto kong makakuha ng pabor sa kanya sapagkat gusto kong gamitin ang bangkang iyon. Iyon ay may mainam na timon at ang sa akin ay wala nang ano pa mang timon. Mayroon lang kaming lumang tabla upang ipanggaod. At kung papayag siyang gamitin ko ang bangkang iyon. . . Gayon din, nakapaghihinang siya at ginawa niya ang mga distilador para kay Tatay. Kaya siya. . . Ipinatong nila ang kanilang binti nang pahalang sa punong iyon, at dumukot si Itay sa kanyang likurang bulsa at naglabas ng isang maliit na boteng lapad na alak, iniabot ito sa kanya at siya’y tumungga, iniabot ito pabalik kay Itay at siya’y uminom din, ay inilapag niya ito sa isang maliit na usbong sa tagiliran ng puno na sumulpot. At dinampot ni Ginoong Dornbush ito, sabi, “Heto na, Billy.”

Sabi ko, “Salamat po, hindi ako umiinom.”

Sabi niya, “Isang Branham, at hindi umiinom?” Bawat isa’y namatay na ang kanilang mga bota’y nakasuot, halos. At sinabi niya, “Isang Branham, at hindi umiinom?”

Kako, “Hindi po, ginoo.”

“Hindi,” sabi ni Itay, “nakapagpalaki ako ng isang binabae.”

Ang aking ama ay tinatawag akong isang binabae! Sabi ko, “Iabot n’yo sa akin ’yang bote!” At hinatak ko ang tapong

palabas sa dulo nito, determinadong iinumina iyon, at nang simulan kong itaas 'yon, "Whoooooossh!" Iniabot ko ang bote pabalik at lumusong sa bukid sa aking buong makakaya, na umiiyak. May ayaw pumayag na gawin ko 'yon. Kita n'yo? Hindi ko masasabing ako'y may kung anong kabutihan (determinado akong gawin 'yon), subalit iyo'y Diyos, biyaya, kahanga-hangang biyaya na pumigil sa akin sa paggawa ng mga bagay na iyon. Gusto kong gawin ang mga iyon, mismo, ngunit sadyang hindi Niya ako pinahihintulutang gawin iyon.

Di nagtagal at ako'y nakatagpo ng isang dalaga nang ako ay mga dalawampu't dalawang taong gulang, siya'y isang liyag. Siya'y isang dalagang nagsisimba, sa Lutherang Aleman. Ang pangalan niya ay Brumbach, B-r-u-m-b-a-c-h, mula sa pangalan ng Brumbaugh. At isa siyang kalugud-lugod na dalaga. Hindi siya naninigarilyo o umiinom, o—o hindi siya sumasayaw o anuman, isang kalugud-lugod na dalaga. Sumasama ako sa kanya noon ng di-katagalan, at ako'y... Pagkatapos, ng dalawampu't dalawa, nakaipon na ako ng sapat na salapi hanggang sa makabili ako ng isang lumang Ford, at ako... kami'y lumalabas sa mga pagtitipanan nang magkasama. Kung kaya, nung panahong iyon, walang simbahang Lutheran na malapit, nakalipat na sila mula sa Howard Park sa banda roon.

At kaya sila noo'y... isang ministro, ang siyang nagtalaga sa akin sa simbahang Missionary Baptist, si Doktor Roy Davis. Kapatid na babaeng Upshaw, 'yung mismong nagpadala kay Kapatid na lalaking Upshaw patungo sa akin, o nangusap sa kanya tungkol sa akin, si Doktor Roy Davis. At kaya noon siya'y nangangaral, at nagkaroon ng simbahang First Baptist, o ang—ang... Hindi ako naniniwalang iyon ang simbahang First Baptist, gayon din, iyon ay ang Mission... tinatawag na iglesyang Missionary Baptist sa Jeffersonville. At nangangaral siya sa lugar nung panahong iyon, at kami'y nagsisimba sa gabi, kaya... at bumabalik kami. At kailanma'y hindi ako sumapi sa iglesya, kundi gusto ko lang sumama sa kanya. Dahil ang pangunahing kaisipan ay "ang pagsama sa kanya," dapat lang yata akong maging tapat.

Kaya noon ang pagsama ko sa kanya, at isang araw ako... Siya ay mula sa isang mariwasang pamilya. At nagsimula akong mag-isip, "Alam n'yo, alam n'yo, hindi ko dapat abalalin ang oras ng dalagang iyon. Ito'y hindi—ito'y hindi tama, dahil siya'y mabuting dalaga, at ako'y dukha at—at ako..." Ang aking ama ay bumagsak ang kalusugan, at ako—ako... walang paraan para sa akin upang makapaghanapbuhay para sa isang dalagang tulad niyan, na nasanay na sa isang mariwasang tahanan at mga alpombra sa sahig.

Natatandaan ko ang unang alpombrang noon ko pa lang nakita, hindi ko alam kung ano iyon. Lumakad ako palibot sa

may tagiliran. Sa palagay ko'y iyon ang pinakakaakit-akit na bagay na nakita ko sa aking buhay. "Paano kaya nila inilalagay ang isang bagay na tulad niyan sa sahi?" Iyon ang unang alpombra na noon ko lang nakita. Iyon ay—iyon ay isa sa mga ito. . . palagay ko'y tinatawag iyon na "panaping mga alpombra." Maaari akong magkamali riyon. Para bang tulad ng "panlala" o kung ano na hinahabing sama-sama, at inilalatag sa sahi. Maririkit na luntian at pula, at malaking rosas na niyari sa gitna niyon, alam n'yo. Iyon ay isang kaakit-akit na bagay.

At kaya natatandaan kong ako—ako ay nakapagpasya na kung alin ay kailangang tanungin ko siya kung pakakasalan ako, kung kailangan kong lumayo at hayaan ang ibang mabuting lalaki na pakasalan siya, isang tao na magiging mabuti sa kanya, maaaring kumita ng ikabubuhay para sa kanya at magiging mabait sa kanya. Maaari akong maging mabait sa kanya, ngunit ako—ako—ako ay kumikita lamang ng dalawampung sentimo isang oras. Kaya hindi ako maaaring kumita ng labis ng ikabubuhay sa kanya. At ako. . . Sa laki ng pamilyang kailangan naming alagaan, at si Itay ay bumagsak ang kalusugan, at kinailangan kong alagaan silang lahat, kaya dumaranas ako ng lubhang mahirap na kalagayan.

Kaya naisip ko, "Buena, ang tanging bagay para sa akin na magagawa ay sabihin sa kanya na ako—ako—(siya)—ako—ako lamang ay hindi magbabalik, dahil labis akong nag-aalala tungkol sa kanya para wasakin ang kanyang buhay at hayaan siyang makipaglokohan sa akin." At pagkatapos ay naisip ko, "Kung may mag-aari sa kanya at pakakasalan siya, makagagawa ng isang kalugud-lugod na tahanan. At siguro kung di ko siya maaangkin, maaari kong—maaari kong malaman na siya ay maligaya."

At gayon ma'y naisip ko, "Ngunit ako—aking sadyang—aking sadyang hindi siya mapakawalan!" At ako—ako ay nasa nakalulungkot na anyo. At bawat araw na lumilipas ay iniisip ko ang tungkol dito. Kaya ako'y napakamahiyain para tapatin siya na pakasalan ako. Bawat gabi'y magpapasya ako, "Ako'y mamamanhikan sa kanya." At, kapag ako'y ano, ano ba 'yon, mga paru-paro, o kung ano na nararamdaman n'yo sa inyong. . . ? Lahat kayong mga kapatirang lalaki sa labas diyan malamang ay nagkaroon na ng gayong karanasan tungkol diyan. At isang tunay na kakatwang damdamin, ang mukha ko'y nagiging mainit. Ako—ako'y hindi nakababatid. Hindi ako makapamanhikan sa kanya.

Kaya palagay ko'y nagtataka kayo kung paano ako nakapag-asawa. Alam n'yo kung ano? Sinulatan ko siya ng isang liham at tinapat ko siya. At kaya ang kanyang. . . Ngayon, iyon ay hindi "mahal na Binibini," iyon ay mas higit

na (alam n'yo) nasa gawing pag-ibig kaysa riyan. Iyon ay sadyang hindi isang—isang kasunduan, iyon ay . . . ako—aking isinulat iyon nang buo kong makakayanan.

At medyo takot ako sa kanyang ina. Ang kanyang ina ay . . . siya ay tipong masungit. At, ngunit ang kanyang ama ay isang mabait na matandang Olandes, sadyang isang mabuting matandang lalaki. Isa siyang tagapagtatag ng kapatiran, ng mga taong-perokaril, sa riles ng tren, kumikita ng mga limandaang dolyar sa isang buwan nung mga panahong 'yon. At ako na kumikita ng dalawampung sentimo sa isang oras, ay pakakasalan ang kanyang anak. Aba! Alam kong iyon ay hindi kailanman gagana. At ang kanyang ina ay napaka . . . Ngayon, isa siyang marangal na babae. At siya—siya ay kabilang yata sa mga matataas na lipunang ito, alam n'yo, at anyong mabikas, alam n'yo, at kaya siya ay walang masyadong gamit sa akin kahit papaano. Isa lang akong lumang payak na sassafras na tagabukid, at sa palagay niya'y nararapat na sumama si Hope sa isang mas higit na mabuting klase ng binata, at ako—ako—ako'y nagpapalagay na siya ay tama. At kaya . . . Ngunit ako—ako'y hindi nag-iisip ng gayon noon.

Kaya naisip ko, “Bueno, ngayon, hindi ko na alam kung paano. Ako—ako'y hindi makapamanhikan sa kanyang ama, at ako—ako'y nakatitiyak na hindi mamamanhikan sa kanyang ina. At kaya kailangan kong pamanhikan muna siya.” Kaya sumulat ako para sa akin ng isang liham. At nang umagang iyon sa daan patungo sa trabaho, inihulog ko iyon sa buson. Ang koreo . . . Kami ay magsisimba nung Miyerkules ng gabi, at iyon ay nung Lunes ng umaga. Sinikap ko buong araw ng Linggo na sabihin sa kanyang nais ko nang mag-asawa, at sadyang hindi ako makakuha ng sapat na lakas ng loob.

Kaya pagkatapos ay inihulog ko iyon sa buson. At sa paghahanapbuhay nang araw na iyon ay nagkataong naisip ko, “Paano kung ang kanyang ina ang makakuha ng sulat na iyon?” Ay, naku! Kung gayon alam kong nasaktan ako kung—kung siya ang nakakuha na no'n, pagkat hindi siya nag-iintinding masyado tungkol sa akin. Bueno, ako'y sadyang pinagpawisan ng maigi.

At nung Miyerkules ng gabing 'yon nang ako'y magpunta, ay, naku, naisip ko, “Paano ako papanhik doon? Kung ang kanyang ina ang nakakuha ng sulat na iyon ay talagang pahihindian niya ako, kaya umaasa akong natanggap niya 'yon.” Idinireksiyon ko ito kay “Hope.” Iyan ang pangalan niya, Hope. At kaya sinabi ko, “Isusulat ko lang iyon dito para kay Hope.” At kaya . . . At naisip ko na baka maaaring hindi niya matanggap iyon.

Kaya alam kong mas mabuting huminto sa labas at bumusina upang siya'y lumabas. Ay, naku! At kahit sinong

binata na walang sapat na lakas ng loob para pumanhik sa bahay at kumatok sa pinto at mamamanhikan para sa dalaga, ay walang karapatan na makapiling siya kung magkagayon. Iyan ay tamang-tama talaga. Iya'y napakahangal. Iya'y nakapanliliit.

At kaya inihinto ko ang luma kong Ford, alam n'yo, at pinakintab kong lahat iyon. At kaya pumanhik ako at kumatok sa pinto. Mahabag, ang kanyang ina ang pumunta sa may pintuan! Hindi ko halos mahuli ang aking hininga, ang sabi ko, "Ku—ku—kumusta na po kayo, Ginang Brumbach?" Oo.

Sabi niya, "Kumusta ka na, William."

Naisip ko, "Naku po, 'William'!"

At—at sinabi niya, "Maaari bang tumuloy ka?"

Sabi ko, "Salamat po." Pumasok ako sa may pintuan. Kako, "Si Hope po ba'y nakahanda na?"

At kagyat pagkatapos ay dumarating na si Hope na paluksu-lukso sa may kabahayan, isang dalagita pa lamang na mga labing-anim na taon. At ang sabi niya, "Hi, Billy!"

At sabi ko, "Hi, Hope." At sinabi ko, "Handa ka na sa pagsisimba?"

Sabi niya, "Sandali lang."

Naisip ko, "Ay, naku! Hindi niya talaga nakuha 'yon. Hindi niya talaga nakuha 'yon. Mabuti, mabuti, mabuti. Hindi rin pala nakuha ni Hope 'yon, kaya ito'y magiging maayos na, dahil binanggit na sana niya 'yon sa akin." Kaya naramdaman ko na ayos lamang.

At pagkatapos nang bumaba ako sa may simbahan, nagkataong naisip ko, "Paano kung talagang nakuha niya iyon?" Kita n'yo? At hindi ko marinig kung ano ang sinasabi ni Doktor Davis. Tiningnan ko siya, at naisip ko, "Kung marahil ay inililingid lang muna niya iyon, at talagang uungkat iniya ako nang masinsinan sa paglabas ko rito, dahil sa pagtatapat ko sa kanya ng gano'n." At hindi ko marinig kung ano ang sinasabi ni Brother Davis. At—at tiningnan ko siya, at naisip ko, "Naku, ayaw kong isuko siya, ngunit. . . At ako—ako. . . ang sapilitang paghahayag ay tiyak na magaganap."

Kaya pagkatapos magsimba ay nagsimula kaming maglakad sa kalye na magkasama, papauwi, at—at kaya naglakad kami patungo sa lumang Ford. At sabay na tuluyang sumisikat ang buwan nang maliwanag, alam n'yo, pinagmasdan ko siya at siya ay napakaganda. Hay naku, titingnan ko siya, at naisip ko, "Naku, gaano ko ninanais na makamtan siya, ngunit palagay ko'y hindi ko kaya."

At kaya ako'y naglakad pa nang medyo malayu-layo, alam n'yo, at tiningnan ko siya muli. Sabi ko, "Ano—ano ba ang pakiramdam mo ngayong gabi?"

Sabi niya, “O, ako’y maayos.”

At inihinto namin ang lumang Ford at kami’y nagsimulang bumaba, alam n’yo, lumibot sa may gilid, naglalakad paikot sa kanto at pumanhik sa bahay niya. At naglalakad akong paakyat patungo sa may pintuan na kasabay siya. Naisip ko, “Alam n’yo, malamang ay hindi niya natanggap pa ang sulat, kaya dapat ko na yatang kalimutan iyon. Magkakaroon pa ako ng isang linggong palugit kahit papaano.” Kaya ako’y nakadama ng lubhang mabuti.

Sabi niya, “Billy?”

Kako, “Oo.”

Sabi niya, “Natanggap ko ang sulat mo.” Ay, naku!

Sabi ko, “Natanggap mo nga?”

Sinabi niya, “A-ha.” Bueno, nagpatuloy lang siya sa paglalakad, hindi na siya nagsalita ng kung ano pa man.

Naisip ko, “Babae, magsalita ka naman sa akin ng kahit ano. Ipagtabuyan mo ako o sabihin mo sa akin kung ano ang palagay mo tungkol do’n.” At ang sabi ko, “Binasa mo—binasa mo ba ’yon?”

Sabi niya, “A-ha.”

Naku, alam n’yo naman kung papaano kayo pinanatili ng babae sa pananabik. Naku, ako—hindi ko binibigyan ng kahulugan ’yon sa ganyang paraan, kita n’yo. Di ba? Ngunit, kahit papaano, alam n’yo, ako—ako’y nag-isip, “Bakit ba hindi ka magsalita ng kahit ano?” Kita n’yo, at ako’y nagpatuloy pa. Sabi ko, “Binasa mo bang lahat ’yon?”

At siya. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Ed.] “A-ha.”

Kaya kami ay halos nasa may pintuan na, at naisip ko, “Naku, huwag mo akong papuntahin sa beranda, dahil baka hindi ko kayang maunahan sila, kaya sabihin mo na sa akin ngayon.” At kaya ako’y patuloy na naghihintay.

At sinabi niya, “Billy, ibig kong gawin iyan.” Sabi niya, “Iniibig kita.” Pagpalain ng Diyos ang kanyang kaluluwa ngayon, siya’y nasa Langit na. Sabi niya, “Iniibig kita.” Sabi, “Sa palagay ko’y dapat nating sabihin sa ating magulang, sa mga magulang ang tungkol doon. Ano kaya sa palagay mo?”

At sinabi ko, “Honey, makinig ka, simulan natin ito ng isang tigkalahating mungkahi.” Sabi ko, “Sasabihin ko sa tatay mo kung sasabihin mo sa nanay mo.” Iniaatang ang higit na malalang bahagi sa kanya, sa pagsisimula.

Sabi niya, “O sige, kung sasabihin mo muna kay Tatay.”

Sabi ko, “O sige, sasabihin ko sa kanya sa Linggo ng gabi.”

At kaya dumating ang Linggo ng gabi, inihatid ko siya pauwi mula sa simbahan at ako. . . Tingin siya nang tingin sa

akin. At sumulyap ako, at noon ay ikasiyam at kalahati, iyon ay oras na para sa akin na magpatuloy. Si Charlie naman ay nakaupo sa may lamesa niya, nagmamakinilya. At si Ginang Brumbach ay nakaupo roon sa panulukan, may ginagawang isang paggagantsilyo yata, alam n'yo, o silang maliliit na buklod na inilalagay n'yo sa mga bagay, alam n'yo. Hindi ko alam kung ano ang tawag ro'n. At kaya siya ay gumagawa ng ilan sa mga bagay na iyon. At tingin nang tingin si Hope sa akin, at kumunot ang noo niya sa akin, alam n'yo, sumesenyas sa kanyang tatay. At ako. . . Ay, naku! Naisip ko, "Paano kung sabihin niyang, 'Hindi?'" Kaya nagsimula akong lumabas sa may pintuan, sabi ko, "Bueno, palagay ko'y mas mabuting umuwi na ako."

At naglakad ako patungo sa may pintuan, at—at siya'y nagsimulang magtungo sa pintuan na kasabay ko. Lagi siyang nagpupunta sa may pintuan at nagsasabi sa akin ng "magandang gabi." Kaya nagtungo ako sa may pintuan, sinabi niya, "Hindi mo ba sasabihin sa kanya?"

At sinabi ko, "Ha!" Sabi ko, "Talagang nagsisikap ako, ngunit ako—ako—hindi ko alam kung paano ko gagawin 'yon."

At sinabi niya, "Babalik lang ako at tawagin mo siyang palabas." Kaya lumakad siyang pabalik at iniwan akong nakatayo roon.

At sinabi ko, "Charlie."

Lumingon siya at nagsabi, "Oo, Bill?"

Sabi ko, "Maaari ba kitang makausap ng ilang saglit lang?"

Sabi niya, "Oo 'ba." Pumihit siya mula sa kanyang lamesa. Tiningnan siya ni Ginang Brumbach, tiningnan si Hope, at tiningnan ako.

At sinabi ko, "Maaari ka bang lumabas rito sa beranda?"

At sinabi niya, "Oo, lalabas ako." Lumakad naman siya papalabas sa beranda.

Sabi ko, "Tiyak na isang maaliwalas na gabi, hindi ba?"

At sabi niya, "Oo, siya nga."

Sabi ko, "Siguradong nagiging maalinsangan na."

"Oo nga," tiningnan niya ako.

Sabi ko, "Ako'y nagtatrabaho nang buong sagaran," sabi ko, "alam mo, kahit ang mga kamay ko'y nagkakaroon na ng mga kalyo."

Sabi niya, "Maaari mo na siyang angkinin, Bill." Ay, naku! "Maaari mo na siyang angkinin."

Naisip ko, “Naku, mas mabuti ’yan.” Sabi ko, “Talaga bang tinototoo mo ’yon, Charlie?” Sinabi niya. . . Sabi ko, “Charlie, tingnan mo, alam kong siya’y anak mo, at ikaw ay may salapi.”

At umabot siya at hinawakan ako sa kamay. Sabi niya, “Bill, makinig ka, ang salapi ay hindi ang lahat ng mga bagay na nasa buhay ng tao.” Sabi niya. . .

Sabi ko, “Charlie, ako—ako’y kumikita lang ng dalawampung sentimo sa isang oras, pero mahal ko siya at mahal niya ako. At ipinapangako ko sa iyo, Charlie, na ako’y maghahanapbuhay hanggang sa ang mga ito. . . ang mga kalyo ay unti-unting matanggal sa mga kamay ko, upang kumita para sa kanya ng ikabubuhay. Ako’y magiging sadyang tapat sa kanya sa abot ng aking makakaya.”

Sabi niya, “Pinaniniwalaan ko iyan, Bill.” Sabi niya, “Makinig ka, Bill, gusto kong sabihin sa iyo.” Sabi, “Alam mo, ang kaligayahan, ay hindi lubos na nangangailangan ng salapi upang maging maligaya.” Sabi, “Maging mabuti ka lang sa kanya. At alam kong gagawin mo.”

At sinabi ko, “Salamat, Charlie. Tiyak na gagawin ko ’yan.”

Pagkatapos ay iyon naman ang kanyang panahon para sabihin kay Inay. Hindi ko alam kung paano niya isinagawa, ngunit naikasal naman kami.

Kaya, nang kami’y maikasal, wala kaming maski anong bagay, walang aayusing gawaing bahay. Palagay ko’y mayroon kaming dalawa o tatlong dolyar. Kaya umupa kami ng bahay, iyon ay nagkakahalaga ng apat na dolyar bawat buwan. Iyon ay isang maliit, at dalawahang lumang silid na lugar. At may nagbigay sa amin ng isang lumang kamang de-tiklop. Hindi ko alam kung sinuman kaya ang nakakita na ng isang lumang kamang de-tiklop? At binigyan nila kami niyan. At nagpunta ako sa Sears and Roebucks at nakakuha ng isang maliit na lamesang may apat na upuan, at iyon—iyon ay hindi pa napipinturahan, alam n’yo, at nakuha namin ’yan sa tamang panahon. At pagkatapos nama’y nagpunta ako kay Ginoong Weber, isang mangangalakal ng mga lumang kagamitan, at bumili ng isang lutuung kalan. Nagbayad ako ng pitumpu’t limang sentimo para rito, at isang dolyar at kaunti para sa mga parilyang isasama roon. Isinaayos namin ang gawaing-bahay. Natatandaan ko ang pagkuha at pagpipinta ng isang tripolyo sa mga upuan, nang pintahan ko ang mga ito. At, naku, kami ay masaya, gayon man. Taglay namin ang isa’t-isa, kaya iyan ang lahat ng kinakailangan. At ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya at Kaniyang kabutihan, kami noon ang pinakamaligayang munting magkabayak marahil sa lupa.

Nakita ko ito, na ang kaligayahan ay hindi binubuo ng kung gaano karaming mga ari-arian ng mundo ang pag-aarimo, kundi kung gaano ka nasisiyahan sa bahagi na inilaan sa iyo.

At, pagkaraan ng ilang panahon, ang Diyos ay bumaba at pinagpala ang aming munting tahanan, kami'y nagkaroon ng isang munting batang lalaki. Ang pangalan niya ay Billy Paul ay nasa gawain ngayon mismo rito. At pagkaraan ng kaunting panahon mula noon, mga labing-isang buwan, pinagpala Niya kami muli ng isang munting batang babae na ang ngalan ay Sharon Rose, kinuha mula sa salita na "Ang Rosas ng Sharon."

At natatandaan ko isang araw ay nakapag-impok ako ng aking salapi at ako ay magbabakasyon nang sandali, paparoon sa isang lugar, sa Lawa ng Paw Paw, upang mamingwit. At sa aking daan pabalik . . .

At noong panahong ito . . . Ako'y naglalaktaw na sa aking pagbabagong-loob. Ako ay napagbagong-loob. At naitalaga ni Doktor Roy Davis, sa iglesyang Missionary Baptist, at naging isang ministro at taglay ang tabernakulo na ngayo'y pinagpapangaralan ko na sa Jeffersonville. At pinagpapastoran ko noon ang maliit na iglesya. At ako . . .

Walang salapi, pinagpastoran ko ang iglesya nang labimpitong taon at hindi kailanman nakapagtamo ni isang sentimo. Hindi ako naniniwala sa pagku- . . . Wala nga ni isang plato ng pag-aalay roon. At anong mga ikapung nagkaroon ako mula sa paggawa, at iba pa, may isang maliit na kahon sa may likuran ng gusali, sabi, isang maliit na karatula sa ibabaw nito, "Yamang inyong ginawa sa pinakamababa sa mga ito na Aking mga munting kapatid, inyo na ring ginawa ito sa Akin." At samakatuwid ay ganyan kung paanong ang simbahan ay nababayaran. Kami'y may sampung-taong utang na babayaran, at nabayaran naman sa loob ng wala pang dalawang taon. At ako'y hindi kailanman tumanggap ng kaloob na kahit anong uri.

At pagkatapos ako ay nagkaroon, naku, ng kaunting dolyar na naipon ko para sa aking pagbabakasyon. Siya'y naghahanapbuhay, rin, sa Fine's Shirt Factory. Isang kaaya-ayang minamahal na babae. At ang puntod niya ay maniyebe marahil ngayon, ngunit siya pa rin ay nasa puso ko. At natatandaan ko nang magtrabaho siya nang buong pagsusumikap upang matulungan akong magkaroon ng sapat na salapi para makapunta sa lawang ito upang mamingwit.

At nang ako ay pabalik na mula sa lawa, ako'y nagsimulang makakita, patungo sa Mishawaka at South Bend, Indiana, at ako noo'y nagsisimulang makapansin ng mga kotse na may mga karatula sa likod, na nagsasaad ng, "Si Jesus Lamang." At naisip ko, "Iyan ay tila kakaiba, 'Si Jesus

Lamang.” At ako’y nagsimulang makapansin ng mga karatulang iyon. At iyon ay nasa kahit saan mula sa mga bisikleta, mga Ford, mga Cadillac, at kung anu-ano pa, “Si Jesus Lamang.” At sinundan ko ang ilan sa kanila, at nagpunta sila sa isang pagkalaki-laking simbahan. At natuklasan kong sila ay Pentecostal.

Nakarinig na ako tungkol sa Pentecostal, ngunit sila ay isang pulutong ng mga “holy-roller na nahihiga sa sahig at nagpapabula sa kanilang bibig,” at tungkol sa lahat ng sinasabi nila sa akin. Kaya wala akong gustong gawin tungkol dito.

Kaya narinig ko silang lahat na nagpapatuloy roon, at naisip ko, “Palagay ko’y papasok na lang ako.” Kaya inihimpil ko ang aking lumang Ford at pumasok, at ang lahat ng mga pag-awit na narinig mo na sa iyong buhay! At napag-alaman ko na may dalawang malaking simbahan, ang isa sa kanila’y tinatawag na isang P. A. ng J. C., at ang P. A. ng W., marami sa inyong mga tao’y maaaring natatandaan yaong mga lumang organi-. . . Palagay ko’y magkaisa na sila, tinatawag ngayong, at tinatawag na Nagkakaisang Pentecostal na iglesya. Bueno, nakinig ako sa ilan sa kanilang mga tagapagturo. At nangakatayo sila roon, naku, nagtuturo sila tungkol kay Jesus at kung gaano Siya kadakila, at kung gaano kadakila ang lahat, at tungkol sa isang “bautismo ng Banal na Espiritu.” Naisip ko, “Ano kaya ang pinag-uusapan nila?”

At, makaraan ang ilang sandali, may isang lumundag at nagsimulang magsalita sa iba’t-ibang wika. Aba, hindi pa ako kailanman nakarinig ng anomang tulad niyan sa aking buhay. At heto’t paparito ang isang babae sa may banda roong tumatakbo nang simbilib ng kanyang makakaya. Pagkatapos ay nangagsitayo silang lahat at nagsimulang tumakbo. At naisip ko, “Aba, kapatid, siguradong wala silang mga asal na pang-iglesya!” Naghihiyawan at nagsisigawan at nangagsisipagpatuloy, naisip ko, “O anong pulutong ito!” Ngunit, alam n’yo, mayroong tungkol doon, mas matagal na ako’y nakaupo roon, mas lalong mabuti na nagustuhan ko ’yon. May isang bagay na tila ba talagang mainam. At nagsimula akong manood sa kanila. At iyon ay nagpatuloy. Naisip ko, “Pagpapasensiyahan ko na lang muna sila, dahil ako’y. . . ako ay malapit sa may pintuan. Kung may mag-uumpisa ng kaguluhan, ako’y tatakbong palabas sa pintuan. Alam ko kung saan nakaparada ang aking kotse, malapit lang sa may panulukan.”

At nagsimula akong makinig sa ilan sa kanilang mga mangangaral, na mga iskolar at mga mag-aaral. Aba, naisip ko, “Magaling iyan.”

Kaya pagdating ng oras ng hapunan, at sabi, “Lahat po ay dumulog para sa hapunan.”

Pero naisip ko, “Teka muna. Ako’y may isang dolyar at pitumpu’t limang sentimo para makauwi, at ako . . .” Iyan lang ang mayroon ako para sa salaping panggasolina. Kinakailangan lang iyon upang makauwi ako. At dala ko ang aking lumang Ford, iyon ay isang medyo maayos na lumang Ford. Hindi pa iyon laos, tulad lang ’yon nitong isa rito, na nagastado lang. At iyon . . . Ako’y talagang naniniwala na iyang Ford ay tatakbo ng tatlumpung milya bawat oras, pero siyempre iyon ay labinlima sa daang *ito* at labinlima sa daang *ito* papalayo. Tingnan n’yo, pagsamahin lahat, mayroon kayong tatlumpu. At kaya iyon . . . Naisip ko, “Bueno, sa gabing iyon sa palagay ko’y lalabas ako at pagkatapos ng . . .” Nanatili ako para sa panggabing gawain.

At, naku, sabi niya, “Lahat ng mga mangangaral, kahit ano pa mang denominasyon, ay tumungo sa plataporma.” Aba, may mga dalawang daan sa amin ang nasa itaas doon, umakyat ako. At kaya sinabi niya, “Ngayon, kami’y walang oras para kayong lahat ay mangaral.” Sabi niya, “Lumakad lang at sabihin kung sino kayo at kung tagasaan kayo.”

Bueno, nang dumating ang aking pagkakataon, sinabi ko, “William Branham, Baptist. Jeffersonville, Indiana.” Lumakad na.

Narinig ko sa kanilang lahat na tinatawag ang sarili nilang, “Pentecostal, Pentecostal, Pentecostal, P. A. ng W., P. A. J. C., P. A. W., P . . .”

Lumakad ako. Naisip ko, “Bueno, palagay ko’y ako ang pangit na sisiw ng pato.” Kaya naupo ako, naghintay.

At, nang araw na iyon, nagkaroon na sila ng magagaling, na mga batang mangangaral doon, at sila’y nangal nang masigla. At pagkatapos ay sinabi nila, “Ang siyang maghahatid ng mensahe ngayong gabi ay . . .” Sa palagay ko’y tinawag nila siyang, “Elder.” At ang mga ministro nila, sa halip na “Reverend,” iyon ay “Elder.” At dinala nila ang isang matandang negrong lalaki sa labas doon, at suot niya ang isa sa mga lipas na amerikanang ito ng mangangaral. Sa aking palagay ay hindi pa kayo nakakita ng isang ganyan. Mahabang buntot-kalapati sa may likuran, alam n’yo, na may tersiyopelong kuwelyo, at mayroon lang siyang kaunting puting gilid ng buhok palibot sa kanyang ulo. Kawawang matandang nilalang, lumabas siya nang *ganito*, alam n’yo. At tumayo siya roon at siya’y humarap. At kung saan lahat ng mga mangangaral ay nangagsisipangaral tungkol kay Jesus at ang dakila . . . kung gaano Siya kadakila, at iba pa, ang matandang lalaking iyon ay kumuha ng kanyang paksa mula sa Job. “Saan ka ba naroroon nang ilagay ko ang pundasyon ng daigdig, o nang ang mga tala sa umaga’y sama-samang umawit at ang Mga Anak ng Diyos ay sumigaw sa tuwa?”

At ang kawawang matandang nilalang, naisip ko, “Bakit ba hindi nila inilagay ang ilan sa kanilang mga batang lalaki roon para sila’y mangaral?” Malaki. . . ang lugar ay puno at masikip na. At naisip ko, “Bakit ba nila hindi ginawa iyon?”

Pagkatapos naman itong matandang lalaki, sa halip na mangaral kung ano ang nangyayari dito sa lupa, nagsimula siyang mangaral kung ano ang nagaganap sa Langit sa lahat ng oras. Aba, inakyat niya Siya sa umpisa sa pasimula ng panahon, at dinala Siyang muli sa Ikalawang Pagdating dito sa pahalang na bahaghari. Aba, hindi pa ako kailanman nakarinig ng gayong pangangaral sa aking buhay! Mga gayong oras ang Espiritu ay sumukob sa kanya, lumundag siya ng mga *ganyan* kataas at pinalagutok ang takong ng kanyang sapatos, iniatras ang kanyang mga balik at tumitiyad sa plataporma, sabi, “Wala kayong sapat na lugar dito para ako’y mangaral.” At may higit na malaki siyang lugar kaysa akin dito.

Naisip ko, “Kung ang matandang iyan ay napapakilos Niya nang ganyan, paano pa kaya kung Ito’y mapasaakin?” Ako—ako’y nag-isip, “Marahil ay kailangan ko ang ilan sa mga Iyan.” Aba, lumabas siya rito, nakadama ako ng labis na habag sa matandang lalaki. Ngunit, nang umalis siya, nakadama ako ng pagkahabag sa aking sarili. At tiningnan ko siyang umalis mula roon.

Lumabas ako nang gabing iyon, at naisip ko, “Ngayon, sa susunod na umaga’y hindi ko hahayaang malaman ng sinuman kung saan, kung sino ako.” Kaya umalis ako, at nang gabing iyon ay inunat ko ang aking pantalon. Kinuha ko ang. . . lumabas sa maisan upang matulog, at ako’y nanaog at bumili para sa akin ng ilang lumang ensaymada. Kayo. . . Ako’y bumili ng isang buong kumpol ng mga ito ng isang nikel. May isang boka-insendiyo sa ibaba roon, kumuha ako ng kaunting tubig. Alam ko na iyo’y tatagal sa akin nang ilang sandali, kaya kumuha ako para sa akin ng kaunting tubig at ininom ito, at umalis at kinain ang aking ensaymada. At bumalik at kumuha ng isa pang inuming tubig. Lumabas ako sa maisan, kinuha ang dalawang upuan at inilatag ang aking maliit na pantalong seersucker doon, iniunat ang mga iyon sa upuan.

At, nang gabing iyon, nanalangin ako nang medyo halos buong gabi. Sabi ko, “Panginoon, ano ba itong napasukan ko? Hindi pa ako kailanman nakakita ng gayong karelihiyosong mga tao sa aking buhay.” At sinabi ko, “Tulongan Mo akong malaman kung ano ang lahat ng ito.”

At nang sumunod na umaga’y bumaba ako roon. Inanyayahan kami para sa agahan. Siyempre, hindi ako magpupuntang kakain na kasama nila, dahil wala akong mailalagay sa paghahandog. Ako’y bumalik na lamang. At kinaumagahan nang ako’y pumasok, aba (kinain ko ang ilan sa aking mga ensaymada), at naupo. At sila ay nakakuha ng isang

mikropono. At ako'y hindi pa kailanman nakakita ng mikropono noon, at takot ako sa bagay na iyon. Kaya sila . . . At iyon ay may isang maliit na taling nakakabit dito, at iyon ay nakabitin. Ang isa sa mga ito na mikroponong nakalaylay, para bang. At sinabi niya, "Nang nakaraang gabi, sa plataporma, ay may isang batang mangangaral dito, isang Baptist."

Naisip ko, "Naku, ako'y angkop para sa isang pagwawasto ngayon."

At sinabi niya, "Siya ang pinakabatang mangangaral sa plataporma. Ang pangalan niya ay Branham. Meron ba sa inyo ang nakakaalam sa kinaroroonan niya? Sabihin sa kanyang lumapit, nais namin siyang maghatid ng pang-umagang mensahe."

Ay, naku! Ako'y nakasuot ng maliit na T-shirt, at pantalong seersucker, alam n'yo. At kaming mga Baptist ay naniniwalang kinakailangang nakasuot ka ng terno, para makapunta sa may pulpito, alam n'yo. Kaya . . . At ako—ako'y naupo lang nang talagang walang-imik. At noong panahon . . . Idinaos nila iyon sa itaas sa Hilaga noon pagkat (ang kanilang pandaigdig na kombensiyon) ang mga negro ay hindi makadalo roon kung nasa Timog. Naroon ang mga negro doon, at ako ay isang Taga-Timog, may almirol pa sa aking kuwelyo, kita n'yo, akala'y medyo mas higit akong maayos kaysa kung sino pa. At nagkataon na nang umagang iyon, ay nakaupo mismo sa tabi ko ang isang—ang negrong lalaki. Kaya nakaupo ako at tumingin sa kanya. Naisip ko, "Bueno, siya'y isang kapatid."

At sinabi niya, "Sinumang nakakaalam sa kinaroroonan ni William Branham?" Dumaos ako sa upuan nang *paganito*. Kaya sinabi niya, ipinatalastas iyon sa ikalawang pagkakataon, sabi, "Sinumang nasa labas" (hinatak niya itong maliit na mikroponong papasok) "ang nakakaalam ng kinaroroonan ni William Branham? Sabihin sa kanyang kailangan namin siya sa plataporma para sa pang-umagang mensahe. Isa siyang mangangaral na Baptist mula sa katimugang Indiana."

Naupo lang ako nang talagang walang imik at yukung-yuko, alam n'yo. Wala namang nakakakilala sa akin, kahit papaano. Ako'y pinagmasdan ng negrong binatang 'yon sabi, "Alam mo ba kung nasaan siya?"

Nag-isip ako. Ako—ako ay kinakailangang magsinungaling o kung hindi'y gumawa ng anuman. Kaya sinabi ko, "Sandali lang."

Sabi niya, "Opo, ginoo?"

Sabi ko, "May gusto akong sabihin sa iyo." Kako, "Ako—ako'y siya."

Sabi niya, “Aba, umakyat ka ro’n.”

At sinabi ko, “Hindi, Hindi ko kaya. Kita mo,” sabi ko, “suot ko itong mga maliliit na lumang pantalong seersucker at itong maliit na T-shirt.” Kako, “Hindi ako makakaakyat do’n.”

Sabi niya, “Walang pakialam ang mga taong ito sa kung paano ka manamit. Pumunta ka na roon sa itaas.”

Sabi ko, “Hindi, hindi.” Sabi ko, “Tumahimik ka, huwag kang magsalita ngayon ng kahit na ano.”

At sila’y bumalik saglit sa mikropono, ang sabi, “Sinumang nakakaalam ng kinaroroonan ni William Branham?”

Sabi niya, “Heto siya! Heto siya! Heto siya!” Ay, naku! Hayun at tumayo ako na suot ang maliit na T-shirt na iyon, alam n’yo. At dito ako . . .

Sabi niya, “Umakyat ka na, Ginoong Branham, nais naming ihatid mo ang mensahe.” Ay, naku, sa harap nilang lahat na mga mangangaral, ano, nilang lahat na mga tao! At pumunta akong padaskul-daskol, alam n’yo. Ang mukha ko’y namumula, ang mga tainga ko’y nagliliyab. At nagpadaskul-daskol ako, nakapantalong seersucker at T-shirt, mangangaral, mangangaral na Baptist papaakyat sa may mikropono, na di pa kailanman nakakita ng isa noon, kita n’yo.

At tumayo ako roon sa itaas, sabi ko, “Bueno, ako—ako—ako ay walang alam tungkol dito.” Ako noo’y nag-aapuhap, talagang ninenerbiyos, alam n’yo. At—at nakakuha ako sa banda rito mga sa Lucas 16, at naisip ko, “Bueno, ngayon . . .” At ako—ako ay kumuha ng paksang, “*At itiningin niya ang kanyang mga mata sa impiyerno, at sumigaw.*” At nakuha ko . . . Kaya ako—ako ay nagsimulang mangaral, alam n’yo, at namihasa ako sa pangangaral at nakaramdam nang medyo mabuti-buti. At sinabi ko, “Ang mayamang lalaki ay nasa impiyerno, at siya’y sumigaw.” Ang maiikling tatlong salita na iyan, gaya ng marami kong mga sermon na tulad niyan, “Panampalatayanan Mo Ito,” at “Magsalita Ka Sa Bato,” narinig n’yo na akong ipinangaral ang mga ito. At ako’y mayroong, “At pagkatapos siya ay umiyak.” At sabi ko “Walang mga paslit doon, tiyak na wala sa impiyerno. Pagkaraa’y umiyak siya.” Sabi ko, “Walang mga bulaklak doon. Pagkaraa’y umiyak siya. Walang Diyos doon. Pagkaraa’y umiyak siya. Walang Cristo roon. Pagkaraa’y umiyak siya.” Pagkatapos ay umiyak ako. May kung anong nangibabaw sa akin. Naku! Ay, naku! Pagkaraan, hindi ko alam kung ano’ng nangyari. Nang nagbalik yata ako sa aking sarili, nakatayo na ako sa may labas. Silang mga tao’y naghihiyawan at nagsisigawan at nag-iiyakan, at ako, nagkaroon kami ng napakainam na sandali.

Nang lumabas ako ay may isang lalaking lumapit sa akin na nakasuot ng kapansin-pansin na malaking sumbrerong Texas, malaking bota, lumapit, sabi, “Ako si Elder *Kuwan*.” Mangangaral, botang koboy, nakadamit-koboy.

Naisip ko, “Buena, ang pantalon kong seersucker ay hindi naman pala masyadong pangit kung gayon.”

Sabi, “Nais kong pumunta ka sa Texas at ipagdaos mo ako ng rebaybal.”

“Naku e, bayaan n’yong ilista ko ho iyan, ginoo.” At inilista ko ’yon nang gayon.

Paparito naman ang isang lalaki na nakasuot ng isa sa mga maliliit na ito, na isa yatang panggolp na pantalon, kung saan dati silang naglalaro ng golp, alam n’yo, suot ang mga maliliit na blusang pantalon. Sabi niya, “Ako si Elder *Kuwan* mula sa Miami. Nais ko sana . . .”

Naisip ko, “Naku, marahil ang pananamit ay hindi lubhang mahalaga sa ganoon.” Pinagmasdan ko ’yon, at naisip ko, “Sige na nga.”

Kaya sinunggaban ko ang mga bagay na ito, at pauwi akong nagtungo. Ang maybahay ko’y sumalubong sa akin, sabi niya, “Ano ba’t ikaw ay tila napakasaya, Billy?”

Sabi ko, “Naku, natagpuan ko ang pinakamainam sa lahat ng ani. Aba, iyon ang pinakamabuti sa lahat ng nakita mo na. Silang mga tao’y hindi ikinahihiya ang kanilang relihiyon.” At, naku, sinabi ko sa kanya ang lahat tungkol doon. At sinabi ko, “At tumingin ka rito, honey, isang buong hanay ng mga imbitasyon. Nilang mga tao!”

Sabi niya, “Hindi sila mga holy roller, sila nga ba?”

Sabi ko, “Hindi ko alam kung anong klaseng mga roller sila, pero mayroon silang bagay na kailangan ko.” Kita n’yo? Sabi ko, “Iyan—iya’y isang bagay na natitiyak ko.” Sabi ko, “Nakakita ako ng isang matandang lalaki, siyamnapung gulang, na bumata uli.” Sabi ko, “Hindi pa ako kailanman nakarinig ng gayong pangangaral sa buhay ko. Aba, ako’y hindi pa kailanman nakakita ng isang Baptist na nangaral nang ganyan.” Sabi ko, “Nangangaral sila hanggang sa sila’y maubusan ng hininga, at ibinabaluktot ang kanilang mga tuhod sa sahig nang tuwid, babalik sa pagtayo, huhugutin ang kanilang hininga. Maririnig mo silang dalawang bloke ang layo, na nangangaral pa rin.” At sinabi ko, “Ako—ako ay hindi pa kailanman nakarinig ng gayon sa aking buhay.” At sabi ko, “Nagsasalita sila sa isang di-kilalang wika, at ang isa naman ay nagsasabi kung ano ang kanilang sinasabi. Hindi pa kailanman nakarinig ng gayon sa aking buhay!” Kako, “Sasama ka ba sa akin?”

Sinabi niya, “Honey, nang pakasalan kita, ako’y mananatili sa iyo hanggang sa papaghiwalayin tayo ng kamatayan.” Sabi niya, “Sasama ako.” Sabi niya, “Ngayon, sasabihin natin sa pamilya.”

At sinabi ko, “Bueno, ikaw ang magsabi sa nanay mo at ako ang magsasabi sa nanay ko.” Kaya kami. . . ako’y pumunta at nagsabi kay Nanay.

Ang sabi ni Nanay, “Aba, oo, Billy. Anoman ang itinawag ng Panginoon sa iyo na gagawin, sige gawin mo.”

At gayon di’y ipinatawag ako ni Ginang Brumbach na magtungo sa itaas. Ako’y pumanhik. Sabi niya, “Ano ba itong pinagsasabi mo?”

At sinabi ko, “Naku, Ginang Brumbach,” sabi ko, “ngunit kayo pong lahat ay hindi pa kailanman nakakita ng gayong mga tao.”

Sabi niya, “Manahimik! Manahimik!”

Sabi ko, “Opo, ma’am.” Kako, “Humihingi po ako ng paumanhin.”

At sinabi niya, “Alam mo bang iyo’y isang pulutong ng mga holy roller?”

Sabi ko, “Hindi po, ma’am, hindi ko po alam iyan.” Sabi ko, “Sila—sila’y tiyak na mga mabubuting tao.”

Sabi niya, “Ang gayon ding kuru-kuro! Sa palagay mo ba’y kakaladkarin mo ang anak ko sa gitna ng walang kuwentang bagay na tulad niyan!” Sabi, “Katawa-tawa! Iya’y walang iba kundi basura na itina-pon na ng ibang mga simbahan.” Sabi niya, “Talaga! Hindi mo dadalhin ang anak ko sa ganyan.”

At sinabi ko, “Ngunit, alam n’yo po, Ginang Brumbach, sa kaibuturan po ng aking puso’y nararamdaman kong nais ng Panginoon na ako’y sumama sa mga taong ito.”

Sabi niya, “Bumalik ka sa iyong simbahan hanggang sa kaya na nilang magbigay ng tirahang pampastor para sa iyo, at kumilos na gaya ng isang lalaking may-isip.” Sabi, “Hindi mo ilalabas ang anak ko sa dako roon.”

Sabi ko, “Opo, ma’am.” Ako’y tumalikod at lumakad palabas.

At si Hope ay nagsimulang umiyak. Siya’y lumabas, sabi niya, “Billy, ano pa man ang sabihin ni Nanay, mananatili akong kasama mo.” Pagpalain ang kanyang puso!

At sinabi ko, “Naku, ayos lang ’yon, honey.”

At pinabayaan ko lang iyon. Hindi niya pinapahintulutan ang kanyang anak na sumama sa mga gayong tao na tulad

niyon dahil “Iyon ay walang iba kundi basura.” At kaya para bang hinayaan ko na lang iyon. Iyon ang higit na matinding pagkakamali na nagawa ko sa aking buhay, isa sa pinakamatindi.

Hindi pa naglalaon, ilang taon pagkatapos, ang mga supling ay dumating. At isang araw kami ay . . . May naganap na pagbaha, noong 1937. May dumating na baha. At ang aming . . . ako ay nasa pagpapatrolya nang panahong iyon at ginagawa ko ang aking buong makakaya upang mailikas ang mga tao mula sa baha, mga bahay na nagigiba. At ang aking sariling maybahay ay nagkasakit, at siya ay talagang, talagang lubhang may sakit ng pulmonya. At inilabas nila siya . . . Ang pangkaraniwang ospital ay punung-puno hindi namin siya madala roon sa loob, kaya inilabas namin siya patungo sa—sa gobyerno kung saan sila may isang silid roon. At kaya pagkatapos ay tinawag nila ako mula sa labas. At noo’y lagi akong nakatira sa ilog, at ganap na isang mamamangka, kaya nagsikap ako noon na kunin ang mga tao, ilitgas sila mula sa baha. At pagkatapos ako’y . . . isa . . .

Tinawag nila ako, sabi, “May isang bahay doon sa Kalye Kastanyas, iyon ay halos handa nang bumigay. May isang ina at isang pulutong ng mga bata doon sa loob,” sabi, “kung sa palagay mo’y ang iyong bangka, ang iyong motor ay makakapasok sa kanila.” Sabi ko, “Bueno, gagawin ko ang lahat ng aking makakaya.”

At ako, sinalpok ang mga along iyon. Ang dike ay nawasak na roon sa itaas, at, ay, naku, ang . . . sadyang inaanod ang lungsod. At ibinibigay ko roong lahat ng aking lakas na makakaya ko, at sa wakas sa ibayong mga eskinita at sa mga dako. At nakarating ako roon malapit sa kung saan naroon ang lumang saplad, ang tubig ay bumubuhos nang walang tigil. At may narinig akong tumili, at nakita ko ang isang inang nakatayo sa labas sa may beranda. At naroon ang mga malalaking gumugulong na mga along iyon na kumikilos nang tuluy-tuloy nang gayon. Aba, umahon ako sa *ganitong* daan sa layo ng makakaya ko, at sinalpok ang agos at pumuntang pabalik at nakarating sa gilid na iyon. Naihinto ko na ang aking bangka nang tama lang sa oras upang maitali ’yon sa palibot ng haligi, sa poste ng pintuan, poste, o haligi ng beranda. At tumakbo akong papasok at hinaltak ang ina at isinakay siya roon sa loob, at dalawa o tatlo sa mga bata. At kinalagan ko ang aking bangka at naihatid siya sa . . . pabalik. Nakalabas mula pa roon sa malayong dakong ibaba, at nailikas siya roon sa pampang, mga isang milya at kalahati sa kabilang ibayo ng lungsod, hanggang sa mailikas ko siya sa pampang. At pagkatapos nang makarating na ako roon, nawalan na siya ng malay. At siya’y nagsimula nang . . . siya ay humihiyaw ng, “Ang beybi ko! Ang beybi ko!”

Bueno, akala ko na ibig niyang sabihin ay naiwanan niya ang sanggol sa bahay. Ay, naku! Ako ay bumalik muli habang sinisikap nilang asikasuhin siya. At, dumating ako upang malaman, iyon ay . . . o nais niyang malaman kung nasaan ang kanyang sanggol doon. May isang maliit na bata roong mga tatlong taong gulang, at naisip kong ang ibig niyang sabihin ay isang maliit na pasusuhing sanggol o kung ano man.

At kaya bumalik ako at nakarating doon sa ibayo. At nang iwan ko ang bangkang iyon at makapasok sa loob at hindi makatagpo ng anomang sanggol, at ang beranda ay bumigay at ang bahay ay nagiba. At tumakbo ako nang talagang matulin at sinunggaban ang—ang piraso roon na nagpapalutang sa aking bangka, sumakay sa bangka, at hinila iyon at kinalagan iyon.

At nagawa niyon na dalhin ako palabas sa may agos ng pinakamalaking ilog pagkatapos. At noon ay mga ikalabing-isa't kalahati ng gabi, at sadyang bumubuhos ang medyo nagyeyelong ulan at nagniniyebe. At sinunggaban ko ang isang hawakan ng tali ng istarter at pinilit kong hilahin ang bangka, at iyon ay ayaw umandar, at pinilit ko at iyon ay ayaw umandar, at pinilit ko uli. Papalayo na nang papalayo sa agos na iyon, ang talon ay halos nasa ibaba ko na. At nagpupumilit ako nang talagang matindi, at naisip ko, "Hala, naku, narito—narito na ang aking katapusan! Ito na 'yon!" At magpupumilit ako nang buo kong makakaya. At sinabi ko, "Panginoon, ipinapakiusap kong huwag Mo akong hayaang masawi sa kamatayang tulad nito," at hihilahin ko at hihilahin ko.

At iyo'y bumalik sa akin, "Paano naman iyang pulutong ng basurang ayaw mong puntahan?" Kita n'yo? A-ha.

Inilagay ko ang aking kamay pabalik sa bangka, at sinabi ko, "Diyos, maging mahabagin Ka sa akin. Huwag Mong hayaang iwan ko ang aking asawa at sanggol nang ganito, at sila roong mga may sakit! Pakiusap!" At hatak lang ako nang hatak nang paganyan, at ayaw umandar no'n. At naririnig ko ang ugonng doon sa ibaba, dahil ako. . . Sa ilang minuto lang, at, hala, naku, 'yan ay magiging iyon na. At sinabi ko, "Panginoon, kung patatawarin Mo ako, nangangako ako sa Iyo na gagawin ko ang kahit ano." Nakaluhod sa loob ng bangkang iyon doon at ang medyo nagyeyelong ulan na tumatama sa aking mukha, sinabi ko, "Gagawin ko ang kahit ano na nais Mong gawin ko." At hinatak ko uli, at iyon ay umandar. At pinalabas kong lahat ang gas na narorrong makakaya ko, at sa wakas ay nakarating sa pampang.

At bumalik ako upang hanapin ang trak, pamatrolyang trak. At nag-iisip ako ng. . . May ilan sa kanila na nagsabi, "Tingnan mo, kaaanod pa lamang ng gobyerno." Ang asawa ko at sanggol ay naroroon, dalawang sanggol.

At umalis ako patungo sa gobyerno nang simbilibis ng makakaya ko, at nakapirmi ang tubig ng mga labinlimang talampakan ang lalim sa kabuuan niyon. At may isang komandante roon, at sinabi ko, “Medyor, ano’ng nangyari sa ospital?”

Sabi, “Ngayon, huwag kang mabahala. Mayroon ka bang sinuman na naroroon?”

Sabi ko, “Oo, isang—isang may sakit na asawa at dalawang sanggol.”

Sabi niya, “Nakalabas na silang lahat.” Sabi, “Nasa isang bagon sila at nakapunta na sila sa dakong Charlestown.”

Ako’y tumakbo, sumakay sa aking bangka at . . . o sumakay sa aking kotse, at ang aking bangka’y nasa likod niyon, at tumakbo roon patungo sa . . . At pagkatapos ang mga sapa ay nakababa na ng mga dalawa at kalahati o tatlong milyang lapad. At sa loob ng magdamag ay nagsikap ako na . . . Ang ilan sa kanila’y nagsabi, “Ang sasakyan, ang bagon, ay inanod ang mga riles doon sa tukod ng tulay.”

Bueno, natagpuan ko ang aking sarili na napadpad sa isang maliit na isla, humimpil doon nang tatlong araw. Nagkaroon ako ng labis-labis na oras upang makapag-isip tungkol sa kung Iyon ba ay basura o hindi. Sadyang iniisip ito, “Nasaan ang aking asawa?”

Sa wakas nang matagpuan ko siya, sa loob ng ilang araw pagkatapos kong makalabas at makatawid sa kabilang ibayo, siya’y nasa malayo pataas sa may Columbus, Indiana, sa loob ng Baptist Auditorium kung saan sila nakagawa ng—ng para bang ospital, mga silid ng maysakit sa mga maliliit na pampamahalaang tiheras. At tumakbo ako sa kanya nang buo kong makakaya, pinipilit na hanapin kung saan siya naroroon, humihyaw ng “Hope! Hope! Hope!” At ako’y naghanap, at naroon siyang nakahiga sa isang tiheras, at ang TB ay nakapagsimula na.

Itinaas niya ang kanyang munting butuhang kamay, at sinabi niya, “Billy.”

At ako’y tumakbo sa kanya, at sinabi ko, “Hope, honey.”

Sabi niya, “Mukha akong nakakatakot, hindi ba?”

Sabi ko, “Hindi, honey, ikaw ay mukhang maayos.”

Sa loob ng mga anim na buwan ay ginawa namin ang lahat ng nasasa amin, upang sikaping mailigtas ang kanyang buhay, ngunit nanatili siyang papahina nang papahina.

Isang araw ay nagpapatrolya ako at binuksan ko ang aking radyo, at naisip kong narinig ko silang nagsabi, gumawa ng panawagan sa radyo, sabi, “Para kay William Branham, kailangan sa ospital ngayon, ang asawa ay nag-aagaw-

buhay.” Nagmadali akong bumalik sa ospital na sintulin ng aking makakaya, binuksan ang pulang ilaw at ang sirena, at umalis. At pagkatapos ako—ako ay nakarating sa ospital at ako’y huminto, tumakbo sa loob. Pababa nang tuluy-tuloy sa—sa ospital, nakita ko ang munti kong kaibigan na nangisda kaming magkasama, tumakbo kaming magkasama samantalang mga bata, si Sam Adair.

Si Doktor Sam Adair, siya ay ang tao na dinatnan ng pangitain hindi pa kalaunan at nagsabi sa kanya tungkol sa klinika. At sabi niya, kung sino man ang nagduda sa pangitain, tawagan n’yo lang siya nang collect, nais mong malaman ang tungkol sa kung iyon ay tama o hindi.

At kaya pagkatapos ay heto siyang papalabas nang ganyan, at hawak niya ang kanyang sumbrero sa kamay niya. Tiningnan niya ako at bigla na lang siyang umiyak. At tumakbo ako sa kanya, iniakap ang aking mga bisig sa kanya. Iniyakap niya ang kanyang mga bisig sa akin, sabi, “Billy, aalis na siya.” Sabi niya, “Ikinalulungkot ko. Nagawa ko na ang lahat ng aking magagawa, nakakuha na nga ako ng mga espesyalista at lahat na.”

Sabi ko, “Sam, tiyak na hindi siya aalis!”

Sabi, “Oo, aalis na siya.”

At sinabi niya, “Huwag kang papasok doon, Bill.”

At sabi ko, “Kinakailangan kong pumasok, Sam.”

At sinabi niya, “Huwag mong gawin ’yon. Huwag, ipinapakiusap kong huwag.”

Sabi ko, “Papasukin mo ako.”

Sabi, “Sasama ako sa iyo.”

Sabi ko, “Hindi, manatili ka rito sa labas. Nais kong makasama siya sa kanyang mga huling sandali.”

Sabi, “Siya’y walang malay-tao.”

Pumasok ako sa silid. At nakaupo ang nars doon, at siya ay umiiyak sapagkat siya at si Hope ay magkaiskuwela noon. At kaya ako’y nagmasid, at nagsimula siyang umiyak, inilagay ang kanyang kamay sa itaas. At nagsimulang lumabas.

At tumingin ako, at inilig siya. Hayun siya, bumaba ang kanyang timbang mula sa mga isandaan at dalawampung libra, hanggang sa mga animnapu. At ako—aking inilig siya. At kung ako’y mabubuhay sa mga gulang na isandaang taon, hindi ko kailanman malilimutan kung ano ang nangyari. Pumihit siya, at ang mga kahanga-hangang malalaki’t magagandang matang iyon ay tumingala sa akin. Siya’y ngumiti. Sabi niya, “Bakit mo ako tinawag pabalik, Billy?”

Sabi ko, “Honey, kinuha ko lang ang. . . pera.”

Kinailangan kong magtrabaho. Kami noo'y lubog sa utang at daan-daang dolyar ng utang sa doktor, at walang maipambayad doon. At sadyang kinailangan kong magtrabaho. At dinadalaw ko siya nang dalawa o tatlong beses sa isang araw, at tuwing gabi, at saka nang siya ay nasa gayong kalagayan.

Sabi ko, "Ano'ng ibig mong sabihin ng, 'Tawagin' ka 'pabalik'?"

Sabi niya, "Bill, nakapangaral ka tungkol Doon, nakapagsalita ka na tungkol Doon, ngunit wala kang ideya kung ano Iyon."

Sabi ko, "Ano ba ang iyong pinagsasasabi?"

Sabi niya, "Langit." Sabi niya, "Tingnan mo," sabi niya, "ako'y inihahatid Pauwi ng ilang mga tao, lalaki o mga babae o anoman na nakadamit ng puti." At sinabi niya, "Ako noo'y nasa kaginhawaan at kapayapaan." Sabi, "Ang mga malalaki't magagandang ibo'y lumilipad nang puno sa puno." Sabi niya, "Huwag mong isiping ako'y balisang-balisa." Sabi niya, "Billy, sasabihin ko sa iyo ang ating pagkakamali." Sabi niya, "Maupo ka." Hindi ako umupo; ako'y lumuhod, hinawakan ang kanyang kamay. Sabi niya, "Alam mo ba kung saan tayo nagkamali?"

At sinabi ko, "Oo, sweetheart, alam ko."

Sabi niya, "Hindi tayo dapat nakinig kay Inay. Ang mga taong iyon ay tama."

At sinabi ko, "Alam ko iyon."

Sabi niya, "Ipangako mo sa akin ito, na pupunta ka sa mga taong iyon," sabi, "dahil sila'y tama." At sinabi niya, "Palakihin mo ang aking mga anak nang katulad niyan." At ako. . . Sabi niya, "May nais akong sabihin sa iyo." Sabi niya, "Ako'y nag-aagaw-buhay na, subalit" sabi, "iyo'y. . . Ako'y hindi—ako'y hindi natatakot umalis." Sabi, "Iyo'y—iyo'y maganda." Sabi niya, "Ang tanging bagay lang, ayaw kong iwan ka, Bill. At alam kong mayroon ka nitong dalawang maliliit na mga batang palalakihin." Sabi niya, "Ipangako mo sa akin na—na hindi ka mananatiling nag-iisa at hahayaan ang mga anak kong mahila sa magkabila mula haligi hanggang poste." Iyon ay isang matinong bagay para sa isang dalawampu't isang taong gulang na ina.

At sinabi ko, "Hindi ko maipapangako 'yan, Hope."

Sabi niya, "Nakikiusap ako na ipangako mo sa akin." Sabi, "Isa pang bagay na nais kong sabihin sa iyo." Sabi, "Natatandaan mo ba ang ripleng iyon?" Sadyang mahilig ako sa mga barrel. At sinabi niya, "Gusto mong bilhin ang ripleng iyon nang araw na iyon at wala kang sapat na salapi upang makaabot sa unang bayaran."

Sabi ko, "Oo."

Sabi niya, "Matagal ko nang iniipon ang aking pera, ang aking mga nikel, upang subukang makapagbigay ng paunang bayad sa ripleng 'yon na para sa iyo." Sabi niya, "Ngayon, kapag ito ay tapos na at ikaw ay umuwi ng bahay, hanapin mo sa ibabaw ng dalawahang-tiklop . . . o sa kamang de-tiklop, sa ilalim nung piraso ng papel sa ibabaw, at matatagpuan mo ang pera roon." Sabi niya, "Ipangako mo sa akin na bibilhin mo ang ripleng iyon."

Hindi ninyo alam kung ano ang naramdaman ko nang makita ko iyang dolyar na pitumpu't limang sentimo (sa nikel) na nakalapag doon. Nakuha ko na ang riple.

At sinabi niya, "Natatandaan mo ba noong oras na iyon nang ikaw ay papunta sa kabayanan para ibili ako ng isang pares ng stocking, at tayo'y papunta sa Fort Wayne?"

Sabi ko, "Oo."

Kagagaling ko noon mula sa pamimingwit, at sinabi niya. . . Kinailangan naming magpunta sa Fort Wayne, kailangan kong mangaral nang gabing iyon. At sinabi niya, "Alam mo, sinabi ko sa iyo, 'May dalawang magkaibang klase.'" Ang isa'y tinatawag na "chiffon." At ano nga ba ang isa pa, rayon? Tama ba 'yan? Rayon at chiffon. Bueno, kahit ano pa man, ang chiffon ang pinakamainam. Tama ba 'yan? At sinabi niya, "Ngayon, ibili mo ako ng alinmang chiffon, 'yung buong istilo." Alam ba ninyo ang bagay na iyan na may maliit na bagay sa may likod ng stocking, sa tuktok? At wala akong alam tungkol sa kasuotan ng mga babae, kaya ako . . .

At ako noo'y naglalakad sa kalye na nagsasabi ng "Chiffon, chiffon, chiffon, chiffon," sinisikap kong magpatuloy sa pagsasaisip ng, "chiffon, chiffon, chiffon."

May taong nagsabi ng, "Hello, Billy!"

Sabi ko, "Naku, hello, hello." "Chiffon, chiffon, chiffon, chiffon, chiffon."

At ako'y nakarating sa kanto at nasalubong ko si Ginoong Spon. Sabi niya, "Hoy, Billy, alam mo bang ang isdang tabang ay nangagkukumpulan na ngayon sa may gilid ng pinakadulong daungan nito?"

Sabi ko, "Siya nga, tama ba 'yan?"

"Oo."

Naisip ko ngayon, nang iwan ko siya, "Ano nga ba ang gamit na iyon?" Nalimutan ko 'yon.

Si Thelma Ford naman, isang dalaga na kilala ko, ay nagtatrabaho sa sampung-sentimong tindahan. At alam kong nagbebenta sila ng mga stocking ng babae roon, kaya ako'y pumunta. Sabi ko, "Hi, Thelma."

At sinabi niya, “Hi, Billy. Kumusta ka na? Kumusta na si Hope?”

At sinabi ko, “Mabuti.” Sabi ko, “Thelma, ang kailangan ko’y isang pares na medyas para kay Hope.”

Sabi niya, “Ayaw ni Hope ng medyas.”

Sabi ko, “Oo, ma’am, tiyak na gusto niya.”

Sabi, “Ibig mong sabihin ay stockings.”

“Ay, oo nga,” sabi ko, “iyan nga kung ano ’yon.” Naisip ko, “Hala, naipakita ko tuloy ang aking kamangmangan.”

At sinabi niya, “Anong klase ba ang gusto niya?”

Naisip ko, “Hala!” Sabi ko, “Ano bang klase ang mayroon kayo?”

Sabi niya, “Bueno, mayroon kaming rayon.”

Hindi ko alam ang pagkakaiba. Rayon, chiffon, iyon lahat ay tila magkatulad. Sabi ko, “Iyan ang kailangan ko.” Sabi niya. . . Sabi ko, “Ipag-ayos mo ako ng isang pares ng mga iyon, buong istilo.” At siya. . . Hindi ko iyon nakuha. Ano ba iyon? Buong kausuhan. “Buong kausuhan.” At kaya ang sabi ko, “Ipag-ayos mo ako ng isang pares ng mga iyon.”

At nang ibigay niya ang mga iyon sa akin, ang mga iyon ay mga tatlumpung sentimo lang, dalawampung sentimo o tatlumpung sentimo, mga kalahati ang presyo. Bueno, sabi ko, “Bigyan mo ako ng dalawang pares ng mga iyon.” Kita n’yo?

At ako’y umuwing pabalik, at sabi ko, “Alam mo, honey, kayong mga babae’y naglilibot sa pamimili sa buong bayan para makatagpo ng mga baratilyo.” Alam n’yo na kung gaano n’yo gustong magmalaki. At sinabi ko, “Pero heto, tumingin ka rito, nakabili ako ng dalawang pares sa presyo na ibinibili mo ng isang pares. Kita mo?” Sabi ko, “Naku, iyan—iya’y personal kong kakayahan.” Kita n’yo, sabi ko—sabi ko, “Alam mo, si Thelma ang nagbenta sa akin ng mga ito.” Sabi ko, “Hinayaan niya sigurong makuha ko ang mga ito ng kalahating halaga.”

Sabi niya, “Chiffon ba ang nakuha mo?”

Sabi ko, “Oo, ma’am.” Iyon lahat ay tila magkakaparehas sa akin, hindi ko alam na may anomang pagkakaiba.

At sinabi niya sa akin, sabi niya, “Billy.” Nagtaka ako nang makarating siya sa Fort Wayne, kinailangan niyang kumuha ng isa pang pares ng stockings. Sabi niya, “Ibinigay ko ang mga iyon sa nanay mo,” sabi, “ang mga iyo’y para sa mga matatandang babae.” Sabi, “Ipagpaumanhin mo’t ginawa ko ’yon.”

At sinabi ko, “Naku, ayos lang ’yon, honey.”

At sabi niya, “Ngayon, huwag—huwag kang mamuhay na mag-isa.” At sinabi niya. . . Hindi niya alam na kung ano ang itinatakdang mangyari sa loob ng ilang oras mula noon. At hawak ko ang kanyang kalugud-lugod na mga kamay habang kinukuha siya ng mga Anghel ng Diyos.

Ako’y umuwi. Hindi ko alam kung ano’ng gagawin. Nahiga ako roon nang gabi at narinig ko. . . palagay ko iyon ay isang maliit na daga, na nasa lumang tsimenea kung saan mayroon kaming ilang mga papel doon. At isinara ko ang pinto sa pamamagitan ng aking paa, at narooing nakasabit ang kanyang kimono sa likod, (at nakalatag doon sa morgeng iyon). At sa loob lang ng ilang saglit ay may tumawag sa akin, sabi, “Billy!” At iyon ay si Kapatid na Frank Broy. Sabi niya, “Ang anak mo’y naghihingalo na.”

Sabi ko, “Ang anak ko?”

Sabi, “Oo, si Sharon Rose.” Sabi, “Si Dok ay naroon na, at nagsabing, ‘Siya’y may tubercular meningitis, nasuso niya iyon mula sa kanyang ina.’” At sabi, “Siya’y naghihingalo na.”

Sumakay ako sa kotse, nagtungo doon. At naroon siya, ang kalugud-lugod na munting nilalang. At isinugod nila siya sa ospital.

Lumabas ako upang makita siya. Si Sam ay dumating at nagsabi, “Billy, huwag kang papasok sa silid na iyon, kailangan mong intindihin si Billy Paul.” Sabi, “Siya’y nag-aagaw-buhay na.”

Sabi ko, “Dok, ako—ako’y kailangang makita ang aking anak.”

Sabi niya, “Hindi, hindi ka maaaring pumasok sa loob.” Sabi, “Mayroon siyang meningitis, Billy, at maihahawa mo iyon kay Billy Paul.”

At naghintay ako hanggang sa lumabas siya. Hindi ko matagalan ang makita siyang mamatay, at ang kanyang ina’y nakahimlay roon sa establisimyento ng nangangasiwa sa mga libing. Sinasabi ko sa inyo, ang daan ng isang sumasalangang ay mahirap. At ako—ako ay pumunta, tumalilis sa pintuan, at nang si Sam ay lumabas at ang nars ay nasa labas, ako’y bumaba sa silong. Iyon ay isang maliit na mababang-uring ospital. Siya noo’y nasa isang nakabukod na dako, at ang mga langaw ay nakadapo sa kanyang mga maliliit na mata. At mayroon silang isang maliit. . . na tinatawag nating isang “kulambo,” o maliit na kukulambuing tumatakip sa kanyang mga mata. At siya’y. . . may mahinang pulikat, ang kanyang maliit at matabang binti ay gumagalaw nang pataas at pababa nang ganyan, at ang kanyang maliliit na kamay, dahil sa pulikat na iyon. At tiningnan ko siya, at siya ay sadyang malaki na para maging maganda, mga walong buwang gulang.

At ang kanyang ina'y dating inilalagay siya sa labas doon na nakalagay sa kanyang maliit na tatsulok na kuna, alam n'yo, sa bakuran, kapag ako'y paparating na. At patutunugin ko ang busina, at siya'y magsasabi ng, "goo-goo, goo-goo," umaabot sa akin, alam n'yo.

At naroong nakahiga ang aking mahal, nag-aagaw-buhay. Tiningnan ko siya, at ang sabi ko, "Sharry, kilala mo ba si Tatay? Kilala mo ba si Tatay, Sharry?" At nang siya'y tumingin... Siya ay naghihirap nang lubhang matindi hanggang sa ang isa sa mga maririkit at maliliit na bughaw na matang iyon ay naduling na. Halos gustong wasakin niyon ang puso ko mula sa akin.

Ako'y lumuhod, sabi ko, "Panginoon, ano ba ang aking nagawa? Hindi ko ba naipangaral ang Ebanghelyo sa mga panulukan ng kalye? Nagawa ko na ang lahat ng nalalaman kong gawin. Huwag mong ituring iyon laban sa akin. Hindi ko kailanman tinawag ang mga taong iyon na 'basura.' Siya iyon na tumawag sa mga taong iyon na 'basura.'" Sabi ko, "Ikinalulungkot kong nangyaring lahat iyon. Patawarin Mo ako. Huwag—huwag Mong kunin ang aking anak." At habang ako ay nananalangin, parang tulad ng isang itim... tulad ng isang pohas o isang tela ang bumaba. Alam kong tinanggihan Niya ako.

Ngayon, hayun ang pinakamahirap at ang pinakamapanlinlang na sandali ng aking buhay. Nang tumayo ako at tumingin sa kanya, at naisip ko... inilagay ni Satanas sa isip ko, "Aba, ibig mong sabihin kasing hirap ng naipangaral mo na, at ng buhay na ipinamuhay mo, at ngayon pagdating sa sarili mong anak, ay tatanggihan Ka niya?"

At sinabi ko, "Iya'y tama. Kung hindi Niya maaaring iligtas ang aking anak na sanggol, kung gayon ay hindi ko rin maaari..." Ako'y natigilan. Ako—ako ay sadyang hindi alam kung ano ang gagawin. At pagkatapos ay sinabi ko ito, sabi ko, "Panginoon, ibinigay Mo siya sa akin at kinuha Mo na siya, purihin ang Pangalan ng Panginoon! Kung kukunin Mo kahit pati ako, Ikaw ay mamahalin ko pa rin."

At ipinatong ko ang aking kamay sa kanya, sabi ko, "Pagpalain ka, sweetheart. Gusto ng Tatay na palakihin ka, nang buong puso ko'y gusto kong arugain ka, at palakihin ka upang mahalin ang Panginoon. Ngunit ang Mga Anghel ay paparating na para sa iyo, sweetheart. Kukunin ni Itay ang iyong munting katawan at ihihimlay ito sa mga bisig ni Nanay. Ilibing kitang kasama niya. At balang araw ay sasalubungin ka ni Tatay, maghintay ka lamang sa itaas doon kasama ni Nanay."

Nang ang kanyang ina ay naghihingalo na, sinabi niya, ang mga huling salitang sinabi niya, ang sabi niya, "Bill, manatili ka sa larangan."

Sabi ko, “Ako’y . . .” Sabi niya . . . Sabi ko, “Kung ako’y nasa larangan kapag Siya ay dumating, kukunin ko ang mga bata at sasalubong. Kung ako’y hindi, ililibing ako sa tabi mo. At pumunta ka sa dakong kanang tabi ng malaking tarangkahan, at kapag nakita mo silang lahat na pumapasok, tumayo ka roon at magsimulang sumigaw ng, ‘Bill! Bill! Bill!’ nang sadyang sinlakas ng makakaya mo. Sasalubungin kita roon.” Hinagkan ko siya ng paalam. Ako’y nasa larangan ng digmaan ngayon. Iya’y halos dalawampung taon na ang nakalilipas. Mayroon kaming kasunduan ng aking asawa, sasalubungin ko siya.

At kinuha ko ang munting sanggol, nang iyon ay mamatay, at inilagay iyon sa mga bisig ng ina, at inilabas namin iyon patungo sa sementeryo. At ako’y nakatayo roon upang pakinggan si Kapatid na Smith, ang Metodistang pastor na nangaral sa libing, “Abo sa abo, alabok sa alabok.” (At naisip ko, “Puso sa puso.”) Siya’y pumanaw na.

Hindi pa katagalan pagkatapos niyan, isang umaga dinala ko roon ang munting si Billy. Siya ay isang maliit na munting paslit pa lamang. Siya noo’y . . .

Iyan ang dahilan kung bakit siya malapit sa akin at ako’y malapit sa kanya, kinailangan kong maging kapwa Tatay at Nanay (pareho) sa kanya. Kukunin ko ang maliit niyang bote. Hindi namin kayang magkaroon ng apoy sa gabi upang mapanatiling mainit ang kanyang gatas, at ilalapag ko iyon sa ilalim ng aking likod nang ganito at pananatilihing mainit iyon sa pamamagitan ng init ng katawan ko.

Kapwa kami’y magkalapit na parang magkatoto, at isa sa mga araw na ito kapag ako’y umalis sa larangan ay nais kong ihabilin sa kanya ang Salita, at sabihing, “Ipagpatuloy mo, Billy. Manatili ka Rito.” Ang ilan sa mga tao’y nagtataka kung bakit dala ko siyang parati sa lahat ng oras. Hindi ko siya maiwanan. Siya nga’y may-asawa na, ngunit natatandaan ko pa ring sinabi niya sa akin, “Manatili ka sa kanya.” At kapwa kami naging magkalapit na para bang magkatoto.

Natatandaan ko habang naglalakad ako palibot sa bayan, ang bote na nasa ilalim ng aking bisig, mag-iiyak siya. Isang gabi siya ay . . . kami ay naglalakad sa may likurang bakuran kung saan lang . . . (Kapag siya’y nag-aayos upang kunin siya, hindi siya noon makahinga, at ako . . . isang batang babae, alam n’yo.) At ako’y magpaparoo’t parito mula sa matandang puno ng roble sa likod ng bakuran. At siya noo’y umiiyak dahil sa kanyang Nanay, at wala akong kahit anong Nanay na pagdadalhan sa kanya. At kakargahin ko siya, sasabihin ko, “Naku, honey.” Sabi ko . . .

Sabi niya, “Tatay, nasaan po ang aking nanay? Inilagay n’yo po ba siya sa loob ng lupang iyan?”

Sabi ko, “Hindi, honey. Nasa mabuti siyang kalagayan, siya’y nasa itaas sa Langit.”

At may sinabi siya roon, para bang pumatay sa akin isang hapon. Siya noo’y umiiyak, kasama ko ng malalim na ang gabi, at pasan-pasan ko siya sa aking likod nang *ganyan*, ipinapasan siya sa aking balikat at tinatapik siya nang *paganito*. At sinabi niya, “Tatay, pakikuha si Nanay at dalhin siya rito.”

At sinabi ko, “Honey, hindi ko makukuha si Nanay. Si Jesus. . .”

Sabi, “Kung gayon, sabihin n’yo po kay Jesus na dalhin Niya sa akin ang nanay ko. Kailangan ko po siya.”

At sinabi ko, “Bueno, honey, ako. . .ako at ikaw ay magpupunta upang dalawin siya sa ibang araw.”

At siya’y tumigil, sabi, “Itay!”

At sinabi ko, “Bakit?”

Sabi, “Nakita ko po si Nanay doon sa itaas sa ulap na ’yon.”

Aba, tila ba ako’y pinatay! Naisip ko, “Aba! ‘Nakita ko po si Nanay roon sa itaas sa ulap na ’yon.’” Ako ay halos mahimatay na lang. Kinarga kong payapos ang munting bata sa aking dibdib nang *paganyan*, at itinungo lang ang aking ulo, nagpatuloy na pumasok.

Dumaan ang mga araw. Hindi ko malimutan iyon. Pinilit kong magtrabaho. Hindi ako makabalik pauwi, iyon ay hindi na isang tahanan. At gusto kong manatili. Kami’y walang kahit ano kundi ang luma’t sirang muwebles na iyon, ngunit iyon ay isang bagay na siya at ako ay masayang nagkasama. Iyon ay tahanan.

At natatandaan ko isang araw ako ay nagpipilit na magtrabaho sa lingkod-bayan. Umakyat ako upang kumpunihin ang isang lumang sekondarya na nakalaylay, noon ay talagang napakaaga pa ng umaga. At inakyat ko itong krus. (At hindi ko maisuko ang sanggol na iyon. Maaari kong makitang papaalis ang aking asawa, maliban yaong sanggol na papaalis, isang maliit na munting nilalang pa lamang.) At naroroon ako, at ako noo’y umaawit ng, “Sa isang burol na malayo, ay nakatindig ang isang luma’t magaspang na Krus.” At ang mga primarya ay dumadaloy sa transpormer at lumalabas sa (alam n’yo) sekondarya. At ako’y nakabitin doon sa itaas n’yon. At ako’y nagkataong lumingon, at ang araw ay sumisikat sa may likuran ko. At naroon, ang aking mga kamay ay nakaunat at ang tanda ng Krus ay doon sa—doon sa gilid ng bundok. Naisip ko, “Oo, ang aking mga kasalanan ang naglagay sa Kaniya doon.”

Sabi ko, “Sharon, honey, talagang gustung-gusto ni Tatay na makita ka, honey. O gaano ko ninanais na mayakap ka sa aking mga bisig muli, ikaw na minumutya na munting

nilalang.” Namimighati ako. Iyon ay mga ilang linggo na. Tinanggal ko ang guwantes kong goma. May dalawampu’t tatlong daang boltahe ang dumadaloy mismo sa may tagiliran ko. Tinanggal ko ang aking guwantes na goma. Sabi ko, “Diyos, ayokong gawin ito. Ako’y isang duwag.” “Ngunit, Sharry, dadalaw na si Tatay sa iyo at kay Nanay sa ilang saglit lang.” Sinimulan kong tanggalin ang aking guwantes, upang ihawak ang aking kamay sa dalawampu’t tatlong daang iyon. Iyo’y wawasak. . .Aba, wala nang matitira pang dugo sa iyo. At kaya ako—ako—ako ay nagsimulang magtanggal ng guwantes na iyon, at may naganap. Nang ako’y matauhan, ako’y nakaupo sa lupa na ang aking mga kamay ay nakataas nang *paganito*, sa aking mukha, umiiyak. Iyon ay biyaya ng Diyos, kung nagkagayo’y hindi sana ako nakapagdaraos dito ng gawaing pagpapagaling, natitiyak ko iyan. Iyon ay Siya na pinangangalagaan ang Kaniyang kaloob, hindi ako.

Ako’y naghandang papauwi. Tumigil ako, iniligpit ang aking mga kagamitan. At bumalik, sabi ko, “Uwi na ako.”

Nagpalakad-lakad ako sa paligid ng bahay, at dinampot ko ang sulat sa bahay, tila malamig, at ako’y pumasok. Kami ay may isang maliit na silid, natutulog ako sa isang maliit na tiheras doon, at ang nagyeyelong hamog ay paparating na, at ang lumang kalang iyon. Kinuha ko ang sulat at tiningnan ko ang nilalaman ng sulat, at ang unang bagay na naroon ay ang kanyang kaunting Pamaskong impok, walumpung sentimo, “Binibining Sharon Rose Branham.” Naroroon iyon, iyon na naman.

Ako’y naging tanod noon sa pangangaso. Dumukwang ako roon at kinuha ang aking baril, rebolber, mula sa kaluban ng baril. Sabi ko, “Panginoon, ako—ako ay hindi na makatatagal pa nang ganito, ako’y—ako’y mamamatay na. Ako’y—ako’y gulung-gulo na.” Hinatak ko ang martilyo ng baril paatras, itinutok ito sa aking ulo, nakaluhod doon sa tiheras na ’yon sa madilim na silid na iyon. Sabi ko, “Ama Namin Na nasa Langit, sambahin ang Ngalan Mo. Mapasa-amin ang Kaharian Mo, mangyari nawa ang Kalooban Mo,” at habang ako’y nagtatangka, at kinalabit ’yung gatilyo nang sinlakas ng makakaya ko, sabi ko, “dito sa lupa gaya ng sa Langit. Ipagkaloob Mo sa amin ngayon ang aming pang-araw-araw na pagkain.” At iyon ay ayaw pumutok!

At naisip ko, “O Diyos ko, pinagdurusa Mo ba ako nang labis? Ano ba ang aking nagawa? Ni ayaw Mo akong pahintulutang mamatay.” At ibinalibag ko ang baril, at ito ay pumutok at tumagos sa silid. Sabi ko, “Diyos, bakit ba hindi ako mamatay at nang makatakas ako mula rito? Wala na akong itatagal pa. Kinakailangang gumawa Ka ng paraan sa akin.” At napahandusay ako at nagsimulang umiyak sa aking maliit, na luma’t maruming highang iyon.

At marahil ako'y nakatulog. Hindi ko alam kung ako ay nakatulog o kung ano ang nangyari.

Matagal na akong naghahangad na makapunta sa Kanluran. Matagal ko nang gusto ang isa sa mga sumbrerong iyon. Ang aking ama ay nagpapaamo ng mga kabayo noong panahon ng kanyang kabataan, at matagal ko nang gusto ang isa sa mga sumbrerong 'yon. At ibinili ako ni Kapatid na Demos Shakarian ng isa kahapon, ang unang sumbrerong nagkaroon ako (nagkaroon na) tulad n'yon, isa sa mga tila kanluraning sumbrerong iyon.

At akala ko'y naglalakad ako tungo sa parang, kinakanta iyang awiting, "May isang gulong ng karo na sira, ang karatula sa rantso ay, 'Ipinagbibili.'" At habang ako'y nagpapatuloy, napansin ko ang isang lumang natatakpang karo, parang isang matandang natatakpang sinaunang karo, at ang gulong ay sira. Siyempre, isinasagisag niyan ang aking hindi buong pamilya. At habang ako ay papalapit, ako'y napatingin, doo'y may nakatayong isang-isang napakagandang dilag, mga dalawampung taong gulang, may nakawagayway na puting buhok at asul na mga mata, nakasuot ng puti. Tiningnan ko siya, sabi ko, "Kumusta ka na?" Nagpatuloy.

Sabi niya, "Hello, Itay."

At lumingon ako sa kanya, sabi ko, "Itay?" "Aba," sabi ko, "papaano, Binibini, na ikaw ay maaaring . . . na ako'y maaaring maging tatay mo samantalang ikaw ay kasing tanda ko?"

Sabi niya, "Itay, hindi mo lang alam kung nasaan ka."

At sabi ko, "Ano'ng ibig mong sabihin?"

Sabi niya, "Ito ay Langit." Sabi, "Sa lupa ako noon ang iyong munting Sharon."

"Aba," sabi ko, "honey, ikaw noo'y isang munting sanggol pa lang."

Sabi, "Itay, ang mga mumunting sanggol ay hindi mumunting sanggol dito, sila'y walang-kamatayan. Hindi sila kailanman tumatanda ni hindi kailanman lumalaki."

At sinabi ko, "Bueno, Sharon, honey, ikaw—ikaw ay isang marilag, na binibini."

Sabi niya, "Si Inay ay naghihintay sa iyo."

At sabi ko, "Saan?"

Sabi niya, "Sa itaas sa iyong bagong tahanan."

At sinabi ko, "Bagong tahanan?" Ang mga Branham ay mga palabuy-laboy, wala silang mga tirahan, sila lang ay . . . At sinabi ko, "Bueno, kailanman'y hindi ako nagkaroon ng tirahan, honey."

Sabi niya, “Ngunit ikaw ay may isa sa itaas dito, Itay.” Ayaw kong mag-isip na maging bata, ngunit sadyang napakatotoo niyan sa akin. [Si Kapatid na Branham ay tumatangis—Ed.] Habang ako’y nagsisimulang mag-isip tungkol dito, iyon lahat ay muling bumalik. Sabi, “Mayroon kang isa rito, Itay.” Alam kong mayroon akong isa sa dako roon, balang araw ay pupunta ako roon. Sabi niya, “Nasaan si Billy Paul, ang kapatid ko?”

At sinabi ko, “Bueno, iniwan ko siya kina Ginang Broy, kani-kanina lang.”

Sabi, “Nais ni Inay na makita ka.”

At lumingon ako at nagmasid, at may mga kahanga-hanga’t malalaking palasyo, at ang Kaluwalhatian ng Diyos ay pumaroroon sa paligid ng mga iyon. At narinig ko ang isang koro ng mga Tinig-Anghel na umaawit ng, “Ang Aking Tahanan, napakasarap na Tahanan.” At ako’y nagsimula ng mahahabang hakbang, tumatakbo nang sinlakas ng makakaya ko. At nang makarating ako sa pintuan, naroon siyang nakatayo, suot ang isang puting damit, iyang itim na buhok, na mahaba, nakawagayway sa kanyang likod. Iniabot niya ang kanyang mga bisig, gaya ng palagi niyang ginagawa kapag ako’y umuwing pagod mula sa paghahanapbuhay o ano man. Hinawakan ko siya sa mga kamay, at sinabi ko, “Honey, nakita ko si Sharon doon sa ibaba.” Sabi ko, “Siya’y naging isang magandang dalaga, hindi ba?”

Sabi niya, “Oo, Bill.” Sabi niya, “Bill,” iniakap ang kanyang mga bisig sa akin, (at sinabi niya) sa palibot lang ng aking mga balikat, sinimulan niyang tapikin ako, sabi niya, “Tigilan mo na ang pag-aalala tungkol sa akin at kay Sharon.”

Sabi ko, “Honey, hindi ko matagalan ito.”

Sabi niya, “Ngayon si Sharon at ako ay higit na nasa mabuting kalagayan kaysa sa iyo.” At sabi, “Huwag ka nang mag-alala pa tungkol sa amin. Maipapangako mo ba sa akin?”

At sinabi ko, “Hope,” sabi ko, “matagal na akong nalulungkot sa iyo at kay Sharon, at laging umiiyak si Billy sa lahat ng oras ng dahil sa iyo.” Sabi ko, “Hindi ko alam kung ano ang gagawin sa kanya.”

At sinabi niya, “Iyon ay magiging maayos na, Bill.” Sabi niya, “Ipangako mo lang sa akin na hindi ka na mag-aalala pa.” At sinabi niya, “Bakit hindi ka maupo?” At ako’y tumingin sa paligid at naroon ang isang kahanga-hangang malaking upuan.

At natatandaan kong nagsikap akong makabili ng isang upuan. Ngayon, sa pagtatapos. Nagsikap akong makabili ng isang upuan minsan. Kami ay mayroon lang mga lumang—mga lumang pangkaraniwang silyang kahoy na ito para sa

kumpletong pang-agahang set. Kinailangan naming gamitin ang mga ito, ang tanging mga upuang mayroon kami. At makabibili kami ng isa sa mga silyang ito na nasasandalan ninyo sa likod, parang isang . . . nakalimutan ko kung anong uri ng de-sandal na pahingahang upuan. At ito'y nagkakahalaga ng labimpitong dolyar, at maaari kang magbayad ng tatlong dolyar na hulog at isang dolyar bawat linggo. At nakakuha kami ng isa. At, naku, kapag ako'y dumarating . . . ako'y maghahanapbuhay buong araw, at mangangaral hanggang hatinggabing palibut-libot sa mga kalye at kung saan man ako maaaring makapangaral.

At—at ako'y nahuli isang araw sa aking mga pagbabayad. Hindi namin nakayanan ito, at ito ay nagpatung-patong bawat araw, at nang magkagayo'y isang araw ay dumating sila at kinuha ang aking silya at dinala iyon. Nang gabing iyon, hindi ko kailanman malilimutan, inihurno niya ako ng isang cherry pie. Ang kahabag-habag na munting nilalang, siya—siya—alam niya na hindi ako masisiyahan. At pagkatapos ng hapunan ay sinabi ko, “Ano ba ang mainam ngayong gabi, honey?”

At sinabi niya, “Tingnan mo, mayroon na akong mga binatilyo sa mga kapit-bahay para maipaghalukay ka ng ilang mga bulating pain. Di ba sa palagay mo'y dapat tayong bumaba sa may ilog at mamingwit ng ilang sandali?”

At sinabi ko, “Oo, subalit . . .”

At bigla siyang umiyak. Alam kong tila may di kanais-nais. Nagkaroon na ako ng kutob dahil napadalhan na nila ako ng babala na sila'y darating upang kunin iyon. At hindi namin mabayaran ang dolyar na hulog bawat linggo. Hindi namin makaya, hindi nga . . . hindi makayanang ibigay iyon. Iniakap niya ang kanyang mga bisig sa akin, at ako'y nagtungo sa may pintuan at ang aking silya ay wala na.

Sinabi niya sa akin Doon, sabi niya, “Natatandaan mo ba ang silyang iyon, Bill?”

At sinabi ko, “Oo, honey, natatandaan ko.”

Sabi, “Iyon ang iyong iniisip, ‘di ba?”

“Oo.”

Sabi, “Buena, hindi na nila babawiin ang isang ito, ang isang ito'y bayad na.” Sabi niya, “Maupo ka sandali, gusto kitang makausap.”

At sinabi ko, “Honey, hindi ko nauunawaan ito.”

At sinabi niya, “Ipangako mo sa akin, Billy, ipangako mo sa akin na hindi ka na mag-aalala pa. Babalik ka na ngayon.” At sabi, “Ipangako mo sa aking hindi ka mag-aalala.”

At sinabi ko, “Hindi ko magagawa 'yan, Hope.”

At pagkaraa'y naalimpungatan ako, noon ay madilim sa silid. Tumingin ako sa paligid, at naramdaman ko ang kanyang bisig na nakayakap sa akin. Sabi ko, "Hope, narito ka ba sa silid?"

At inumpisahan niya akong tapikin. Sabi niya, "Tutuparin mo ba sa akin ang pangakong 'yan, Bill? Ipangako mo sa aking hindi ka na mag-aasawa . . . mag-aalala pa."

Sabi ko, "Ipinapangako ko sa iyo."

At nang pagkatapos niyang tapikin ako nang dalawa o tatlong ulit, at siya ay umalis na. Bumalikwas ako at binuksan ang ilaw, tumingin sa lahat ng dako, siya ay nawala na. Ngunit siya'y umalis lang mula sa silid. Hindi pa siya lumilisan, nabubuhay pa rin siya. Siya ay isang Cristiyano.

Si Billy at ako ay nagtungo sa libingan kailan lang, dala-dala ang maliit na bulaklak para sa kanyang ina at kapatid na babae, noon lang umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, at kami'y napahinto. Ang munting bata'y nagsimulang umiyak, sabi niya, "Tatay, ang nanay ko'y nandidiyan."

Sabi ko, "Hindi, honey. Hindi, siya ay wala riyan. Ang iyong kapatid ay wala riyan. Tayo'y may isang nababalutang libingan dito, ngunit sa ibayo ng dagat ay may isang bukas na libingan kung saan si Jesus nabuhay na mag-uli. At balang araw ay darating Siya, isasama Niya ang iyong kapatid na babae at ina sa Kaniya."

Ako'y nasa larangan ng digmaan sa araw na ito, mga kaibigan. Ako—ako ay sadyang hindi na makapagsalita pa. Ako . . . [Si Kapatid na Branham ay napaiyak—Ed.] Pagpalain kayo ng Diyos. Iyuko natin ang ating mga ulo sandali.

O Panginoon! Maraming pagkakataon, Panginoon, natitiyak kong ang mga tao'y hindi nakauunawa, kapag iniisip nilang ang mga bagay na ito'y dumarating nang magaan. Ngunit may isang dakilang araw na sasapit kapag si Jesus ay darating na at lahat ng mga kapighatiang ito ay mapapawi na. Idinadalangin ko, Amang Nasa Langit, nawa'y tulungan Mo kaming maging handa.

At ang huling pangakong iyon, nang hagkan ko siya sa pisngi nang umagang iyon, na sasalubungin ko siya sa araw na iyon. Ako'y nananalig na siya'y tatayo sa haliging iyon, na isinisigaw ang aking pangalan. Ako'y namuhay nang tapat sa pangakong iyon buhat noon, Panginoon, napaikiran ang daigdig, sa lahat ng uri ng mga lugar, sinisikap na dalhin ang Ebanghelyo. Papatanda na ngayon, at hapo na, ako'y pagod na. Isa sa mga araw na ito'y isasara ko na ang Bibliang ito sa huling pagkakataon. At, Diyos, panatilihin Mo akong tapat sa pangako. Panatilihin Mo ang Iyong biyaya palibot sa akin,

Panginoon. Huwag Mo akong hayaang tumingin sa mga bagay sa buhay na ito, kundi mabuhay para sa mga bagay na di-maaabot. Tulungan Mo akong maging matapat. Ako'y hindi humihiling ng bulaklak na himlayan ng kaginhawahan, hindi, Panginoon, samantalang ang aking Cristo ay namatay roon sa ilalim ng paghihirap. At lahat ng mga natira sa kanila'y namatay nang ganyan. Ako'y hindi humihiling ng anumang madaling bagay. Hayaan Mo lang na ako'y maging matapat, Panginoon, mapagkakatiwalaan. Hayaang ang mga tao'y magmahal sa akin nang sa gayo'y maakay ko sila sa Iyo. At balang araw kapag tapos na ang lahat at tayo ay nangagkakatiwalaan sa ilalim ng mga punong evergreen, nais kong hawakan siya sa kamay at ilakad siya, upang maipakita sa mga tao ng Templo ng Angelus at sa lahat ng iba pa. Iyo'y magiging isang lubhang kasiya-siyang sandali kung gayon.

Isinasamo ko na ang Iyong mga biyaya ay dumating sa bawat isa sa amin dito. At yaong mga naririto, Panginoon, marahil ay ni hindi nakakikilala sa Iyo. At marahil ay mayroon silang ilang munting minamahal sa kabilang ibayo ng dagat doon. Kung hindi pa nila kailanman natupad ang kanilang pangako, nawa'y gawin nila iyon ngayon, Panginoon.

Samantalang iniyukod natin ang ating mga ulo, hindi ko alam sa kahanga-hanga't pagkalaki-laking oditoryum na ito ngayong hapon, kung ilan sa inyo ang nagsasabi na "Kapatid na Branham, nais kong salubungin ang aking mga mahal sa buhay, rin. Ako—ako—ako'y may ilang mga mahal sa buhay sa kabilang ibayo lang ng ilog doon"? Marahil ay gumawa ka ng pangako na sasalubungin mo sila, marahil nang sabihin mo kay Nanay na "paalam" doon sa may libingan nang araw na iyon, marahil nang sabihin mo kay munting kapatid na "paalam," o kay Tatay, o sa ilan sa kanilang nasa libingan, nangakong sasalubungin mo sila, at ikaw—ikaw ay hindi pa kailanman nakagawa ng paghahandang iyon. Di ba sa palagay mo'y isang mainam na panahon upang gawin ito ngayon?

Ipagpaumanhin ninyo ang aking pagluha. Ngunit, ay, naku, hindi mo nauunawaan, kaibigan. Hindi mo nalalaman kung ano—ano'ng pagpapakasakit! Iya'y hindi pa ang punto, napakahirap, ng kasaysayan ng buhay.

Ilan sa inyo ang nagnanais na tumayo ngayon at pumarito dito para sa panalangin, na nagsasabing, "Nais kong salubungin ang aking mga mahal sa buhay"? Tumayo ka mula sa mga tagapakinig at bumaba ka rito. Maaari mo bang gawin iyan? Kung may hindi pa kailanman nakagawa ng paghahandang iyan. Pagpalain po kayo ng Diyos, ginoo. Nakikita ko ang isang matandang negrong lalaki na lumalapit, ang iba'y papalapit na. Iusog ninyo ang inyong sarili, kayong

mga nasa balkonahe sa itaas diyan, pumunta lamang palabas sa mismong daanan. O kaya ay tumayo, kayo na nagnanais na maisama ngayon din sa isang panalangin. Ganyan nga. Tumayo ka mismo sa iyong kinaroroonan. Iya'y mabuti. Tumayo ka, saan man, ikaw na magsasabing, "Ako'y may ama sa ibayo roon, ako'y may ina o isang mahal sa buhay sa ibayo roon. Nais kong makita sila. Nais kong salubungin sila sa kapayapaan." Maaari ka bang tumayo, tumindig lamang sa iyong kinaroroonan, maski saan sa mga tagapakinig. Tumindig ka sa iyong kinaroroonan, sabihin, "Nais kong tumanggap."

Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain kayong nasa likuran. At pagpalain kayong nandiyan sa itaas. Ikaw na naririto pagpalain ka ng Panginoon, ginoo. Iya'y tama. Sa may itaas ng balkonahe, pagpalain kayo ng Panginoon. Sa buong paligid, saan pa man, tumindig kayo sa inyong kinaroroonan ngayon para sa isang panalangin, habang ang Espiritu ay naririto at kumikilos sa ating mga puso, upang—upang—upang isaayos.

Alam ninyo, ang kailangan ng iglesya ngayon ay isang pagsasaayos. Kailangan nating manaog sa Bahay ng Magpapalayok. Ang ating mahigpit na sariling gawang teolohiya kung minsa'y hindi gumagana nang maayos. Ang kailangan natin ay isang makalumang pagsasaayos, pagsisisi sa ating mga puso, pagiging malumanay tungo sa Diyos. Iyan lang ba lahat ang handang tumayo ngayon?


Iyukod natin ang ating mga ulo kung gayon para sa panalangin.

O Panginoon, na Siyang bumuhay muli kay Jesus para sa . . . mula sa mga patay, upang pawalang-salang lahat kami sa pamamagitan ng pananampalataya, paniniwala. Idinadalangin ko, Panginoon na ang mga ito na nakatayo ngayon upang tangapin Ka, idinadalangin ko na ang kapatawaran ay mapasakanila. At, O Panginoon, idinadalangin ko na sila'y tatanggap sa Iyo bilang kanilang Tagapagligtas at Hari at Mangingibig. At marahil ay mayroon silang isang ina o isang ama o sinuman sa kabilang ibayo lang ng dagat. May isang bagay na tiyak, sila'y may Tagapagligtas. Nawa'y patawarin sila sa kanilang mga kasalanan, at lahat ng kanilang katampalasanan ay mabura na, nang sa gayon ang kanilang mga kaluluwa'y nawa'y mahugasan sa Dugo ng Kordero, at mabuhay sila sa kapayapaan mula ngayon.

At sa ibang maluwalhating araw kapag tapos na ang lahat, nawa'y magkatipun-tipon kami sa Iyong Tahanan, at pumaroon bilang mga di-mahiwalay na pamilya, upang salubungin ang aming mga mahal sa buhay na naghihintay sa kabilang ibayo. Ito, ipinagkakatiwala namin sila sa Iyo, na

“Pananatilihin Mo siya sa ganap na kapayapaan na ang puso ay namamalagi sa Kaniya.” Ito ay ipahintulot, Panginoon, habang ipinagkakatiwala namin sila sa Iyo. Sa Pangalan ng Iyong Anak, ang Panginoong Jesus. Amen.

Pagpalain kayo ng Diyos. Natitiyak kong nakikita ng mga manggagawa kung saan kayo nakatayo, at sila’y makakasama na ninyo sa loob ng ilang sandali.

At ngayon sa kanila na mga tatanggap ng mga prayer card. Billy, nasaan sina Gene at Leo, nasa likod sila? Naririto sila upang ipamahagi ang mga prayer card sa ilang sandali lang. Pauuwiin na ni Kapatid ang mga tagapakinig sa pananalangin, at ang mga prayer card ay ipapamahagi na. Tayo’y magbabalik dito sa ilang sandali lang, upang manalangin para sa mga maysakit. O sige, Kapatid. 

KAPATID NA WILLIAM MARRION BRANHAM

Ang Kasaysayan Ng Buhay Ko ay ipinangaral noong Linggo ng hapon, Abril 19, 1959, sa Templo ng Angelus sa Los Angeles, California, U.S.A.

Paano Dumating Ang Anghel Sa Akin, At Ang Kanyang Komisyon ay ipinangaral noong Lunes ng gabi, Enero 17, 1955, sa Lane Tech High School sa Chicago, Illinois, U.S.A.

Ang mga Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang inilathala sa Ingles sa *Mga Bakas Ng Paa Sa Buhanginan Ng Panahon*, Abril 1975, ay hinango mula sa mga magnetikong teyp rekording, at inilimbag nang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling wikang ito sa salitang Tagalog ay inilathala noong 1997 ng Voice Of God Recordings.

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

Copyright notice

All rights reserved. This book may be printed on a home printer for personal use or to be given out, free of charge, as a tool to spread the Gospel of Jesus Christ. This book cannot be sold, reproduced on a large scale, posted on any website other than www.branham.org, stored in a retrieval system, translated into other languages, or used for soliciting funds without the express written permission of Voice Of God Recordings®.

For more information or for other available material, please contact:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org